


# *BINABAGO NGA BA NG DIOS*

## *ANG KANIYANG KAISIPAN*

### *TUNGKOL SA KANIYANG SALITA?*

 Iyukod natin ang ating mga ulo. Mahal na Panginoong Jesus, kami ay nagkakatipon muli sa Iyong Pangalan, nang may malaking paghihintay sa pagbuhos ng bumubuhay na Kapangyarihan ng Dios upang dalhin kami sa pagkakilala ng aming posisyon at dako, at ng aming mga tungkulin, bilang isang tinawag na mga tao, hiniwalay sa mundo, inilaan sa Dios. Ipagkaloob, Panginoon, sa gabing ito, na ang mga pagpapala ng Dios ay gagabayan kami at tuturuan kami sa mga bagay na aming ginagawa o sinasalita, na ito ay makapagdala ng karangalan at kaluwalhatian sa Iyong Pangalan. Amen.

<sup>2</sup> Ako ay natutuwang makabalik sa simbahan sa gabing ito at makasama kayong mga minamahal na mga tao. At nalalaman kong mainit, nguni't katatawag ko lang sa aking may—bahay, sa palagay ko ito'y mga siyamnapu—pataas doon, siyamnapu't—lima o mga siyamnapu't—anim o humigit—kumulang, at ito'y medyo mas mainit kaysa rito. Kaya ako'y nasasanay na sa mainit na panahon ngayon. Kaya, nguni't ako'y lubos na nagagalak na maparito sa tabernakulo sa kahanga—hangang panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay.

<sup>3</sup> At hindi ko masabing ako'y hihingi ng paumanhin sa ganoong kahaba, mahabang Mensahe kaninang umaga, subali't ako. . . Ito ay, hindi ko nais—nais na ubusin ang inyong pasensiya at pagkatapos ulitin itong muli sa gabing ito. Subali't aking—aking nais na—na ihatid ang Mensaheng iyon sa inyo, na kayo ay isang bahagi ng pagkabuhay na mag—uling ito. Kita n'yo? At huwag mag—alala tungkol Dito, huwag na, kita n'yo. Magsaya na lamang Dito! Wala ng bagay, wala na saan man, na makapaghihiwalay sa inyo mula Rito; wala; Magpawalang—Hanggang ligtas na sa Kaharian ng Dios. Kapag ang Dios ay itinatak ang Kaniyang Selyo sa inyo, kayo'y hanggang sa dulo na ng paroroonan.

<sup>4</sup> Kapag ang pamahalaan ay nagtatak ng selyo sa isang balutan, ang kumpanya ng riles ay naglalagay ng selyo sa pintuan, ang sasakyang iyan ay hindi na mapakikialaman hanggang sa ito ay marating ang patutunguhan nito.

Kapag ang Dios ang naglalagay ng Kaniyang Selyo sa isang tao. At ang Selyo ay ang Espiritu Santo. Kapag Kaniyang

tinatakan ang isang tao ng tulad niyan, siya ay papunta na sa kaniyang Eternal na paroroonan. Hinding—hindi na siya, kailanmang makababalik pa, muli. Sapagka't alalahanin, sinasabi ng Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan sa lahat ng panahon." Kita n'yo, kayo ay selyado magpakailanman. Kayo ay selyado, Magpasawalang—hanggan, papasok sa Kaharian ng Dios, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ngayon isipin iyan!

<sup>5</sup> Kung gayon, kayo, ang diablo ay susuntok sa inyo, at kaniyang sasabihin ang lahat—lahat sa inyo, at pararatangan kayo, at—at susubukang ipaisip sa inyo na kayo'y hindi ganoon. Subali't huwag kayong makinig sa kaniya.

<sup>6</sup> Ngayon, nalalaman ninyong kayo'y nakalampas na mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Nalalaman ninyo ang mga bagay na minsan na ninyong minahal, ay hindi na ninyo mahal ngayon. Nalalaman ninyo na inyo nang sinampalatayanan ang bawa't Salita ng Dios. Inyong nakita ang Dios na gumagawa mismo sa ating kalagitnaan, nang walang. . . Tiyak na mga katibayan na Siya ang dakilang "AKO NGA." Napansin ninyo na anuman ang sinabi sa Kaniyang Pangalan, hindi kailanman nagkaroon ng isang bagay na nairopesiya sa Kaniyang Pangalan kundi naganap nang tugmang—tugma ayon sa pagkakapangyari nito. Maging sa agham, pahayagan, larawan, mga kamera, mga manunulat, at lahat ng iba pa, ay kailangang kilalanin ito. Kita n'yo, kahit na gustuhin man nila o hindi, ang Dios ay ipinagagawa sa kanila ito, pa rin, kita n'yo, upang mahayag ito.

<sup>7</sup> Ngayon, bilang isang maliit na grupo. Tandaan, ito'y hindi isang malaking grupo na Kaniyang babalikan. "Huwag mangatakot, munting kawan; ito'y ang mabuting kalooban ng inyong Ama. . ." Kita n'yo?

<sup>8</sup> Nais kong mag—iwan ng isang salita sa inyo, nakagugulat, bago lamang tayo magkaroon ng pag—oordena ng isang ministro. At ito ay talagang kagulat—gulat, nguni't para lang malaman ninyo. Ngayon, hindi ko sinasabi na ito ay husto sa bilang, subali't nais kong iwanan ito sa inyo.

<sup>9</sup> Hindi ko alam kung may mga taong naririto na nakakita na ng paghahalo ng lahi ng baka. Na, hindi ako naniniwala rito, subali't nakita ko ito na isinagawa. At aking nakita silang kinuha nila ang semilya ng lalaki, sapat lamang na mahipo sa isang maliit na metal, tulad ng isang maliit na tutpik, at ilapag ito sa isang pirasong marmol. At ikutin ang mga salaming iyon na nagpapalaki rito, hindi ko alam kung ilang ulit, hanggang ang semilya na iyon. . . Kung saan kayo'y walang makikitang anuman sa pamamagitan ng natural na mata, anumang pangkaraniwang salamin. Nguni't kapag ito'y pinalaki, isang daan o isang daan at limampung beses, makikita ninyo roon sa isang katiting na tulo, ng semilya, marahil mga

limampu hanggang isang daang maliliit na punla ang patalbog—talbog sa palibot. Gayon din, sa babae ay nanggagaling ang kasing daming mga itlog, sa—sa semilya. Ngayon, kapag sila ay—ay pinagsama, ngayon, ang unang dalawa na magkakatatagpo at mag—uugnay . . .

<sup>10</sup> May isa lamang mula sa isang milyon na 'yan ang mabubuhay. Naisip na ba ninyo iyon? Sila'y parehong punla, at parehong itlog, kapuwa sila magkatulad, nguni't may isa lamang na mabubuhay. At iya'y hindi matitiyak kung alin ang mauuna roon. Sapagka't, pagkaminsan ang itlog, naroroon sa hulihan, at ang punla ay maaaring nasa gitna ng semilya, at sila'y maggagapangan sa isa't—isa. Ito ay nangangailangan ng isang Karunungan upang malaman kung ito'y magiging lalaki o babae, pula ang buhok, itim ang buhok, o ano pa man. Ito'y ang paghirang ng Dios. Wala nang iba pa. Paghirang!

<sup>11</sup> Maging sa natural na kapanganakan, ay paghirang, kung ito ma'y magiging lalaki o babae, o anuman ang kalabasan nito. At kapag ang munting punlang iyon ay nagkakawag papunta sa maliit na itlog na ito, at ang mumunting mga buntot ay nahulog, ito'y nag—uumpisang bumuo ng gulugod ng sanggol ng anumang uri nito; hayop, sanggol, o anuman ito. At ang nalalabi sa milyong mga punlang iyon . . . Isang milyong itlog, isang milyong punla, at isa lang ang mabubuhay. Lahat magkakatulad, nguni't ang Dios ay pumipili sa pamamagitan ng paghirang kung ano ang mabubuhay, at ang nalalabi sa kanila ay namamatay. Isa mula sa isang milyon!

<sup>12</sup> Noong lisanin ng Israel ang Ehipto, silang lahat ay sumampalataya sa mensahe ng isang propeta. Kanilang nakita ang mga tanda ng Dios, sa pamamagitan ni Moises. Bawa't isa sa kanila ay nakita ang mga iyon. At bawa't isa sa kanila ay lumabas sa Ehipto, at tumawid sa Pulang Dagat, at binautismuhan kay Moises. Bawa't isa sa kanila ay nakita ang kapangyarihan ng Dios na tumama sa kaniya, nang siya ay umawit sa Espiritu; at nang patunugin ni Miriam ang tamburin, paroon—at—parito sa baybayin. Bawa't isa sa kanila, tuwing gabi, ay kumakain ng sariwa, makalangit na manna mula sa kalangitan. Bawa't isa sa mga yaon ay uminom mula sa espirituwal na Bato na hinampas. At may dalawang milyong mga tao ang lumisan sa Ehipto. Ilan ang nakarating sa lupang pangako? Dalawa. Isa mula sa isang milyon! Saan sila lahat napunta? Sinabi ni Jesus na nangamatay sila. “Ang inyong mga ama ay kumain ng manna sa ilang, sa loob ng tatlumpung taon, at sinasabi Ko sa inyo na lahat sila ay nangamatay.”

<sup>13</sup> Ngayon may mga limang daang milyong mga Cristiano ang nasa mundo sa gabing ito, kabilang ang Katoliko, Protestante, at lahat na. Kung si Jesus ay darating sa Pag—agaw na iyan, sang—ayon sa kasasabi ko lang, magkakaroon ng limang daang mawawala sa mundo sa gabing ito, sa Pag—agaw. At sila marahil

ay ganoon sa bawâ't araw, kabilang ang lahat ng lupain, na hindi pa napabilang. Kaya ito'y maaaring anumang oras, kita n'yo.

<sup>14</sup> Oh, mga Cristiano, ating higpitan ang baluti ng Dios. Gawin nating lahat na ating nalalaman kung paano, para paglingkuran Siya, mahal in Siya, at maghintay sa dakilang oras na iyan.

<sup>15</sup> Ngayon, walang milyun—milyon at malalaking bilang ng mga tao ang lalabas sa isang henerasyon at magmamartsa papasok. Hindi—hindi maaaring mangyari.

Ngayon, tandaan, ang bawâ't araw ay nagtatapos ng isang henerasyon, bawâ't araw. "At kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe, ganoon din naman sa pagdating ng Anak ng tao, kung saan walong kaluluwa ang naligtas sa pamamagitan ng tubig." Nguni't bawâ't araw ay nagtatapos ng isang apatnapung—taong panahon ng isang tao, para sa ilan. Kita n'yo? At bawâ't araw, napakarami ang tinatatakan sa Kaharian. Isang araw, ang huling araw ay darating.

Ating tiyakin ngayon, habang tayo ay nasa ating tamang pag—iisip. At sa iglesia, at sa kalagitnaan ng mga tao, kung saan ang Espiritu Santo ay lubos na ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa atin, ating tiyakin na ang lahat ng bagay ay maayos, at nanatiling maayos, sa harapan Niya.

<sup>16</sup> Huwag kayong hihinto. Huwag magpapahinga, araw at gabi, hanggang sa ang bumubuhay na Kapangyarihang yaon ay dinala kayo mula sa mga bagay ng mundo, patungo sa Kaharian ng Dios. At kayo na mga tunay na dinala sa Kaharian ng Dios at binigyan ng buhay ng Espiritu ng Dios, anong galak! Taglay ang mga luha ng kagalakan tayo dapat ay lumuhod, araw at gabi, pinasasalamatang ang Dios sa Kaniyang ginawa.

<sup>17</sup> Sa gabing ito tayo ay may kaunting pagbabago sa gawain. Tayo ay may isang mabuting kapatid dito, si Kapatid na Lalaking Capps. Siya ay pumarito sa atin mula sa iglesyang Nazareno. At sa palagay ko tama 'yan, Kapatid na Capps? Siya ay naghahangad sa gabing ito na maoordenahan natin, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.

<sup>18</sup> Wala tayong mga papeles na maipamamahagi sa sinuman, gayunpaman tayo'y nakilala bilang . . . Maaari tayong magkaroon ng mga papeles, nguni't naniniwala tayong ang isang totoo, inordenang ministro, ang kaniyang mga papeles ay nasa Langit. Kita n'yo? At siya—siya'y may karapatang ipangaral ang Biblia hangga't kinikilala ng Dios ang kaniyang buhay sang—ayon sa Biblia. Naniniwala tayong iyon ang kaniyang mga kredensiyal.

<sup>19</sup> At, ngayon, si Kapatid na Capps ay opisyal ng naordenan sa—sa iglesyang Nazareno, nguni't sa gabing ito nais niya ang mga nakatatanda, at iba pa, na magpatong ng mga kamay sa kaniya para sa ordenasyon, upang dalhin ang Mensaheng ito. Anong tapang na bagay!

<sup>20</sup> Ako’y may—aking narinig ang mga ulat mula pa noong naroon ako sa Tucson, at totoong kahanga—hangang mga ulat, tungkol kay Kapatid na Capps dito sa kaniyang pagtulong sa ating magiliw na Kapatid na Neville, na humahawak ng kandila ng Liwanag na kasing tapang ng kayang gawing paghawak ng dalawang lalaking ito. Nagpatong na tayo ng mga kamay kay Kapatid na Neville, nguni’t hindi pa kay Kapatid na Capps. At nais ko yaong mga ministro, si Kapatid na Jackson at sila, kung naririto sila, at si Kapatid na Ruddell at ang mga matatanda ng iglesya rito, kung sila’y makaaakyat dito mga ilang sandali lang ngayon, at magpapatong ng mga kamay kay Kapatid na Capps. At ang . . .

<sup>21</sup> Ngayon nasusumpungan natin, sa Biblia, na sa gayong paraan nila ginawa ito, ipinapatong nila ang mga kamay sa kanila at ibinubukod sila pagkatapos. At ganiyan ang kanilang ginawa kay Timoteo. Sinabi, “Sa pamamagitan ng kaloob na ito na nasa iyo, mula sa lolang si Lois . . .” Kanilang napansin ito, na may isang kaloob sa tao, na lumapit sa kaniya na ginawa ng mga presbiteryano, sa pagpapatong ng mga kamay.

<sup>22</sup> Ngayon, ang latter—day na mga kapatid, latter—day—rain na mga kapatid, nagkaroon, gayunman, ng kalituhan d’yan. Kanilang inisip na binigyan nila siya ng kaloob, sa paggawa n’yan. Hindi, ang kaloob ay nasa kaniya na, at kanila na lang ipinatong ang kanilang mga kamay sa kaniya bilang isang pagpapatibay na naniniwala silang ang Dios ay inilagay na ang kaloob sa kaniya. At kanilang pinagtibay ito, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.

<sup>23</sup> At ang mga taong ito rito sa iglesyang ito, na naniniwala ako na pinagharian sa kanilang kaluluwa ng Kaniyang nagbibigay—buhay na Kapangyarihan; kung kayong mga kapatid na kalalakihan ay aakyat ngayon, si Kapatid na Ruddell at lahat ng iba pa sa inyo na naririto sa simbahan, at ang mga nakatatanda at mga kapatid na mga iglesyang naririto, upang magpatong ng mga kamay kay Kapatid na Capps, para siya maordenan sa pamamagitan ng ating pagpapatibay, sa harapan ng mga tagapakinig na ito, at isugo upang ipangaral ang Ebanghelyo ng Panginoong Jesus, saan man siya tawagin ng Dios. Siya ay magiging . . .

Siya ay isa na sa atin, sa pamamagitan ng Kapanganakan. Siya ay isa sa atin sapagka’t sinampalatayanan niya ang Mensahe. Siya ay isa sa atin dahil sa—sa naninindigan siya para sa Katotohanan ng Salita. At nais nating si Kapatid na Capps ay opisyal na maordenan, sa harapan ninyo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, na siya ay isa sa atin.

O sige, Kapatid na Ruddell, Kapatid na Capps, Kapatid na Neville. Si Kapatid na Junior Jackson, sinuman sa kanilang ibang mga ministrong naririto, hindi ko lang alam kung ilan ang

naririto. Hindi ko . . . Sa palagay ko sila’y may sarili nilang mga gawain sa gabing ito. Kaya umakyat na rito, Kapatid na Capps.

Ngayon nasaan si Kapatid na Hunter at silang mula sa New York, ako . . . si Kapatid na Anthony? Sa palagay ko ay bumalik na sila. [Sinabi ni Kapatid na Neville, “Hayun si Kapatid na Anthony sa likod.”—Pat.]

Sinuman sa inyong mga ibang naririto, na kasama natin, aba, kami ay magagalak na kayo ay umakyat dito at tumayong kasama namin ngayon, bilang isang pagkilala na naniniwala tayong si Kapatid na Capps ay karapat—dapat.

Ilan sa inyong naririto ngayon ang nakakakilala kay Kapatid na Capps, itaas ang inyong kamay. Buweno, ibaba na ang inyong kamay. Ilan ang naniniwalang siya’y isang lingkod ng Dios, itaas ang inyong mga kamay. [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mahal natin siya, bilang ating kapatid.

<sup>24</sup> Ngayon hindi ito ang eksaktong tamang paraan ng matatawag nating pag—oorden, nguni’t gusto kong ang mga tagapakinig na ito . . . Hindi ko kayang awitin ang awiting ito, nguni’t nais kong tulungan ninyo akong subukan ito. Iyan . . .

<sup>25</sup> Isang araw isang propeta ang pumunta sa dambana, sa templo. At habang naroon siya sa templo . . . Siya ay naging isang mabuting tao, nguni’t siya lamang ay nakasandig sa mga bisig ni Uzias na hari, at isa siyang—isa siyang mabuting tao. Nguni’t gayon man, isang araw, sa templo, siya’y may nakitang isang bagay, nang siya’y nagkaroon ng isang pangitain, na hindi pa niya nakita noon. Siya ay nakakita ng mga Anghel, na may mga pakpak, lumilipad nang paroo’t parito, sa gusali, sumisigaw ng, “Banal, banal, banal, Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat!”

Halika, kapatid. Oo. Kita n’yo?

“Banal, banal, banal, Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat!”

Ben?

<sup>26</sup> At nang nakita niya, ang mga patibayan ng templo ay nakilos. At kaniyang sinabi, “Sa aba ko! sapagka’t ako’y isang lalaking may maruming mga labi.” Sa Presensiya ng Dios ay kaniyang napagtanto, na kahit na bilang isang propeta, siya ay nagkamali. Kaniyang sinabi, “Ako’y isang lalaking may maruming mga labi, at ako’y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi.”

<sup>27</sup> At ang isa sa mga Anghel ay lumipad, at kumuha ng isang baga ng Apoy at idinampi sa kaniyang mga labi, at nagsabi, “Magpropesiya ka, anak ng tao!”

Maaari bang bigyan mo kami ng tono riyang, babaeng kapatid, kung maaari. Ilan ang nakaaaalam ng awiting ito? Ating, ang isang taludtod. Sige.

When the coal of fire had touched the prophet,  
 Making him as pure as pure can be,  
 When the voice of God said, "Who will go for  
 us?"  
 Then he answered, "Here am I, send me."  
 [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . speak, my  
 Lord,  
 Speak, and I'll be quick to answer Thee;  
 Speak, my Lord, speak, my Lord,  
 Speak, and I will answer, "Lord, send me."  
 Millions now in sin and shame are dying;  
 Listen to their sad and bitter cry;  
 Hasten, brother, hasten to their rescue;  
 Quickly answer, "Master, here am I."  
 Speak, my Lord, speak, my Lord,  
 Speak, and I'll be quick to answer Thee;  
 Speak, my Lord, speak, my Lord,  
 Speak, and I will answer, "Lord, send me."

Hayaang ang mga nakatatanda ay umikot sa palibot ngayon at magpatong ng kamay kay Kapatid na Capps. Lahat tayo'y iyukod ang ating mga ulo.

<sup>28</sup> Minamahal na Dios, ang mga patibayan ng templo ay nauga muli, at sa pagkasumpong sa Espiritu ng nagbibigay—buhay na Buhay na kumikilos sa aming kapatid. Aking dalangin, Dios, na kaniyang nararamdaman itong nagmula sa Itaas, na nagsasabing kailangan niyang humayo. Kami ay nagpapatong ng kamay sa kaniya, bilang Iyong mga nakatatanda, Panginoon, at ibinibigay sa kaniya ang kanang kamay ng pakikisama; at ipinapatong ang aming mga kamay sa kaniya, at isinasalin ang mga pagpapala ng Dios sa kaniya, na Iyong papahiran ang kaniyang mga labi, ang kaniyang pag—iisip, ang kaniyang kabuang katauhan. At nawa kaniyang dalhin ang Mensaheng ito ng Ebanghelyo sa bawa't dako at sulok na Iyong tatawagin siya. Ipagkaloob ito, Panginoon. Aming ibinibigay sa Iyo ang aming kapatid, bilang isang lingkod Mo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>29</sup> "Ipangaral ang Salita," aking nakababatang kapatirang lalake. "Magsikap sa kapanahunan, at sa di kapanahunan; sumawata ka, sumaway ka, na may buong pagpapahinuhod at Pagtuturo." Pagpalain ka ng Dios, kapatid.

<sup>30</sup> [Si Kapatid na Ben Bryant ay nagsabi, "Kapatid na Branhan, maaari mo bang ipatong ang 'yong mga kamay sa akin? Maaari ba nila ipatong ang kanilang mga kamay sa akin? Gusto kong maordenan."—Pat.] Ikaw ba'y . . . Hindi ko alam na ika'y hindi pa.

Si Kapatid na Ben, dito, ay pumarito sa atin. Sa aking palagay siya'y nangangaral na ng ilang panahon. Gayunman,

siya ay hindi pa opisyal (sa aking akala siya'y naordenan na; 'yan ang dahilan na tinawag ko siya) na naordenan, o ang mga kamay ay naipatong sa kaniya rito.

<sup>31</sup> Ngayon, ang may—bahay ni Kapatid na Ben ay narito saan man, at siya'y isang kagiliw—giliw na tao. Siya noo'y isang babaeng mangangaral. At nang siya at ang ating kapatid ay ikinasal, at kaniyang dinala siya sa tabernakulo, nang kaniyang nakita at narinig ang Salita, gayunma'y isang mabuting munting babae na may mainam na personalidad, nguni't nang kaniyang makitang ito'y mali para sa mga kababaihan na gawin 'yon, kaniyang isinantabi; at ito'y parang napunta sa kaniyang asawa. Ganiyang ang wasto. Iya'y naaayon sa mga apostol. Sa ganiyang paraan ito nararapat.

<sup>32</sup> Si Kapatid na Ben ay dinadala ang mga teyp, gaya ng aking pagka—unawa, kasama ang kaniyang maybahay. Sila'y pumupunta sa mga ma...liblib na mga pook, doon sa mga kabundukan, sa mga kagubatan, at kanilang ipinaparinig itong mga teyp at nagkokomentaryo sa mga teyp. Maraming pagkakataon sila'y itinataboy, winawalang—bahala, tinatanggihan. Ating inaasahan iyan. “Sapagka't lahat ng ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng pag—uusig.”

<sup>33</sup> Ilan dito ang nakakikilala kay Kapatid na Ben? Ilan ang naniniwala na siya ay lingkod ng Dios, [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] karapat—dapat sa pagpapalang ito na ating hihingin sa Dios para sa kaniya? Kita n'yo, hindi siya isang estranghero. Siya'y kasama na natin ng maraming—maraming taon. Aking nakikilala siya bilang isang tao na may kababaang—loob. Siya ay tulad ko; siya'y nakagagawa ng maraming kamalian. Tayong lahat ay nagagawa iyan. Ang gusto ko kay Kapatid na Ben, siya ay nakahandang gumapang sa kanyang mga tuhod upang ito ay itama.

At nang kaniyang narinig, nang nakaraang araw, sa *Pag— aasawa at Paghihiwalay*, siya at ang kaniyang maybahay ay handa ng maghiwalay, dahil sa kaniyang mahal siya, at ang kaniyang may—bahay ay mahal siya, nguni't nais nilang makasunod sa Salita ng Dios. Anuman ang sinabi ng Salita, 'yan ang kanilang hangad. Aking dalangin na ang Dios ay pagpapalain si Ben at ang kaniyang maybahay, sa Kaniyang gawain.

Ipatong natin ang ating mga kamay sa ating kapatid.

<sup>34</sup> Minamahal na Dios, aming ipinapatong ang aming mga kamay kay Kapatid na Ben, sa isang tanda na minamahal namin siya. At kami ay naniniwala, Panginoon, na siya ay nakahandang gumawa ng isang gawain para sa Iyo, upang maisugo kasama ng mga teyp na ito, upang iparinig sila sa kalagitnaan ng ilang mga taong taga—kabundukan



sa malayong—malayong mga lugar kung saan marahil ang marami sa amin ay hindi kailanman makaparoroon, nguni't ganoon pa man ang Mensahe ay kailangang pumunta sa buong mundo. Aming dalangin na Iyong pagpapalain ang aming kapatid, at ibigay sa kaniya ang Iyong Espiritu, at nawa Ito ay bumaba sa kaniya. At patnubayan siya, at pangunahan siya at ang kaniyang asawa sa mga dakong iyon kung saan maaaring ang isang kaluluwang 'yan ay nasa dakoroon, at ang mga pinto ay hindi maaaring magsara hangga't iyang isang tupa ay maipasok. Ikaw ay hindi nasisiyahan sa siyamnapu at siyam. Ang . . . Bawa't pangalan na nasa Aklat ay kailangang maipasok. Tulungan sila, Panginooon, habang aming ipinapatong ang mga kamay namin sa kaniya, na kinikilala siyang kasama namin bilang aming kapatid. At ang aming tulong at panalangin para sa kaniya, ay hahayong kasama niya. At aming dalangin na Iyong pagpapalain siya, Panginooon, saanman siya pumaroon. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka, Kapatid na Ben! Ang kanang kamay ng pakikisama'y aming ibinibigay sa iyo, bilang mga kapatid na ministro. Pagpalain ka ng Dios, kapatid.

<sup>35</sup> [Si Kapatid na Earl Martin ay nagsabi, “Kapatid na Branham, maaari mo bang ipatong ang ‘yong mga kamay sa akin, iorden ako na gumawa bilang isang pastor?”—Pat.] Si John Martin . . . [“Earl.”] Earl.

Ilan ang nakakikilala kay Earl Martin? Ilan ang naniniwalang siya ay isang lingkod ni Cristo? Siya'y pumarito sa atin mula sa isang . . . naniniwala akong sa, dati, mula sa isang Pentecostal na grupo, at ngayon sa aking palagay siya'y nagpapastor at gumagawa ng sariling gawain.

<sup>36</sup> Aking nakilala si Earl na isang tunay na lingkod ni Cristo. Hindi ko malilimutan ang isang gawa, marami na, nguni't isang gawang kasama si Earl. Aking naaalala ang isang gabing kanilang tinawagan siya nang ako ay nasa Dallas, Texas; o ako—ako'y naniniwalang, hindi, ito ay . . . [Isang kapatid na babae ang nagsabing, “Beaumont.”—Pat.] Beaumont, Texas, ay tama, kapatid. At sila—sila . . . Ang kaniyang anak ay nakaratay, naghihingalo, at kanilang inisip na ito ay patay na. Ito ay hindi na humihinga. At si Earl ay nakapunta sa aking silid, bilang isang ama, nakabukot ang mga balikat, yumukod sa harapan ko, habang ako ay nasa higaan. Bumangon sa higaan; kaniyang inilagay ang kaniyang mga kamay palibot sa akin at nagsabi, “Kapatid, ako'y naniniwala na ikaw ay propeta ng Dios. Aking lagi nang pinaniwalaan iyan. At kung iyo lamang sasabihin ang salita, kahit na ang aking anak ay patay na, gayunman ito'y mabubuhay.” At ang kaniyang anak ay muling nabuhay, ay nabubuhay.

<sup>37</sup> Kayo ba ay naniniwalang siya ay karapat—dapat sa kanang kamay ng pakikisama ng mga mananampalatayang ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.]

Tayo’y manalangin, mga kapatid na kalalakihan, habang tayo ay nagpapatong ng kamay sa kaniya.

<sup>38</sup> Mapagbiyayang Makalangit na Ama, kami’y nagpapatong ng mga kamay, muli, sa aming Kapatid na Martin. Aming isinusugo siya, Panginoon, sa kaduluduluhang bahagi na Iyong itinalaga na kaniyang dapat puntahan; saanman ito, marami o kaunti, sa maliliit na daan, mga pangunahing daan, mga bakuran, kung ito man. Saan man ito, Panginoon, nawa ang Iyong mga pagpapala ay sumakaniya. Aming ipinapatong ang aming mga kamay sa kaniya habang aming inaatasan siya sa Iyong pananagumpay at ibinibigay sa kaniya ang aming mga pagbabasbas, na ang Espiritung sumasaamin, Panginoon, ay humayong kasama niya, at papatnubayan siya at pangungunahan siya sa mga kaluluwang naliligaw sa mga bakuran at mga daan. Aming isinusugo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Panginoon, Kapatid na Martin. Humayo ngayon, at ang Panginoon ang sumaiyo.

<sup>39</sup> Sa gayunding layunin? [Si Kapatid na Richard Blair ay nakipag—usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Richard ay ang iyong pangalan? [“Tama. Richard Blair.”] Ilan ang nakakikilala kay Richard Blair? Ilan ang naniniwalang siya’y isang lingkod ng Dios? Siya’y nagmula sa—sa grupo ng United Penticostal na iglesia.

At kapatid, si Kapatid na Blair, aking naaalala ang isang dakilang pagkatawag, sa kaniya. Aking naaalala ang panahon kung saan si Kapatid na Blair ay ayaw, hindi gustong maniwala sa akin, sapagka’t na may isang espiritung gumagawa sa kaniya, sinasabi sa kaniya na ako ay huwad. At habang siya ay nakaupo mismo sa pagtitipon, ang Espiritu Santo ay bumaling at tinawag ito palabas. [Si Kapatid na Blair ay nagsabi, “Iya’y tama.”—Pat.] At siya ay sadyang halos handa na para sa isang—isang atake, at ’yan ang nagdulot sa kaniya sa ganiyang kalalagayan.

At aking naaalala ang kaniyang kalugod—lugod na maybahay na tinatawagan ako isang araw. Sabi niya, “Kapatid na Branham, sa aking palagay si Richard ay mamamatay.” At siya ay may, sa palagay ko, isang bandana. Siya’y nagtungo at ipinatong ito sa kaniya, tulad ng hiniling ko sa kaniya, at nanalangin. Heto siya. [Si Kapatid na Blair ay nagsabi, “Amen.”—Pat.]

<sup>40</sup> Isang munting bata ang naaksidente, o. . . [Si Kapatid na Blair ay nagsabi, “Anak kong lalaki.”—Pat.] Ang kaniyang anak na lalaki, sa isang aksidente, na sila’y hindi na gaanong umasa pa para rito, na naalog ang utak. At sa pamamagitan ng panalangin,

maging sa pamamagitan ng telepono, ang bata ay gumaling. [“Amen.”]

Kayo ba ay naniniwalang si Kapatid na Blair ay isang tunay na saksi ni Cristo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Inyong idalangin na ang inyong basbas ay humayong kasama niya.

Mga kapatid, ipatong ang inyong mga kamay sa kaniya.

<sup>41</sup> Minamahal na Dios, upang kilalanin ang aming mabait at marangal na kapatid, ang Iyong lingkod, na nagmula pa sa kaniyang sariling grupo, upang lumakad sa Liwanag. Ama, aming dalangin na iyong pagpapalain ang aming Kapatid na Blair, habang isinusugo namin siya sampu ng aming mga basbas at ng aming pagpapatibay, sa pagpatong ng aming mga kamay sa kaniya, sa kahit saan Mo man siya tawagin, Panginoon, sa kahit ano pa mang gawain ito. Nawa ang Iyong Espiritu ay samahan si Kapatid na Blair. Patnubayan siya at pangunahan siya sa nangaliligaw at nangamamatay ng sanlibutang ito, na siya’y makatulong na hanapin ang naliligaw na tupang ’yan, na kaniyang maibalik ito sa kawan. Saanman ito, anuman ang inihanda Mo para sa kaniya, Panginoon, amin lamang hinihiling na ang Iyong Espiritu ay patnubayan siya at pangungunahan siya hanggang sa wakas ng kaniyang paglalakbay sa buhay. Kami ang kaniyang mga kapatid. Sa pagbibigay sa kaniya ng kanang kamay ng pakikisama, aming hinihiling na Ikaw ay hahayong kasama niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ang kanang kamay ng pakikisama! Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Blair. Kami ay kasama mo, isang daang porsiyento, mananalangin para sa iyo at gagawin ang anuman na magagawa namin upang matulungan ka. Pagpalain ka ng Dios.

<sup>42</sup> [Si Kapatid na Merlin Anthon ay nagsabi, “Ito’y gayundin sa akin, Kapatid na Branham, para sa ordenasyon.”—Pat.] Anong sabi? [“Ordenasyon.”] Sino po kayo? [“Merlin Anthon.”] Merlin Anthon. [“Ako’y nasa iglesia.”] Saan? [“Dito sa iglesia.”] Sa iglesia. Mayroon bang nakakikilala kay Kapatid na Merlin Anthon? Siya ay bago, sa akin. [“Kasama sa Salvation Army. Naaalala mo ba ako?”] Oh, oo. Pagpaumanhinan ako, kapatid.

Mula sa Salvation Army, iya’y tama, naaalala ko siya. Oo, kilala ko na siya ngayon. Ako lamang. . . Ang kaniyang mukha ay hindi ko nakilala kanina lang, sa oras na ito. Ilan ang nakaaalam sa kaniya bilang isang tao ng Dios? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Ilan ang naniniwala na—na ang Dios ay kumikilos sa pamamagitan niya, itaas ang inyong kamay. [“Amen.”] Maaari n’yo ba siyang ipanalangin? [“Amen.”]

<sup>43</sup> Ngayon, kapatid, aming nalalaman na ikaw ay nagmula sa isang malaking grupo ng mga tao, Salvation Army, sila’y dakilang mga tao. Nguni’t, at, nguni’t ang Salvation Army ay

totoong gumagawa ng isang dakilang gawain sa mga lansangan. Wala tayong anumang masasabi laban sa mga Nazarene, sa iglesiang Pentecostal, o sa Salvation Army, o kahit alin sa kanila; sila'y ating mga kapatid. Nguni't, nakita n'yo, tayo'y naniniwala na tayo ay mga tagapagdala ng isang dakilang Mensahe para sa mismong panahong ito na ating kinabubuhayan. Gusto mo bang gawin iyan kasama namin? [Si Kapatid na Anthon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

Iyukod natin ang ating mga ulo habang tayo'y nagpapatong ng ating mga kamay sa ating kapatid.

<sup>44</sup> Minamahal na Makalangit na Ama, Ikaw ang Siyang tumatawag. Ikaw ang Siyang bumubuhay sa Salita, upang sila'y makapanampalataya. At aming ipinapatong ang mga kamay namin sa aming minamahal na kapatid, bilang pagpapatibay na kami'y naniniwala na Ika'y kasama niya at tutulongan siya. Aming isinusugo ang aming mga basbas kasama niya, na kaming naniniwala na kami'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay at ngayon ay taglay ang bumubuhay na Kapangyarihan sa aming mga puso, sa biyaya ng Dios. Aming ipinapatong ang mga kamay namin sa aming kapatid at isinusugo siya sampu ng aming mga basbas, na Iyong pangungunahan siya at papatnubayan siya at gagabayan siya sa bawa't sulok ng mundo, Panginoon, na iyong itinalaga para sa kaniyang puntahan. Nawa ang Iyong Espiritu ay samahan siya at bigyan siya ng kalusugan, kalakasan, at pagtatagumpay sa kaniyang paglilingkod, pagka't isinusugo namin siya sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>45</sup> Pagpalain ka ng Dios, kapatid. 'Yan ang kanang kamay ng pakikisama, alam mo, mga kapatid na kalalakihan makipagkamay sa kaniya, mga kapatid tulad n'yan. Kaya 'yan ang iyong. . . Mabuti, ang Panginoon ang magpala sa inyong lahat.

<sup>46</sup> [Si Kapatid na Carrell ay nagsabi, "Ako'y—ako'y hindi pa rin, bilang opisyal. Gusto ko na iyong ipatong ang iyong mga kamay sa akin, tulad nila, sa Pangalan ni Jesus."—Pat.] Ikaw, anuman ang iyong nais. At ang iyong. . . ["Panahon na, at para sa katulad din nila."] Ngayon ano ang iyong pangalan? ["Kapatid na Carrell, mula sa Cincinnati."] Kapatid na Carrell.

[Si Kapatid na Carrell ay nagsabi, "Ako'y naordenan noon bilang ministro, nguni't ako'y hindi makasang—ayon sa kapatid na nag—oorden ng mga babae bilang mga ministro, at ako'y kinailangang bumukod mula rito."—Pat.]

Ito ang Kapatid na Carrell mula sa Cincinnati. Sinumang nakakikilala kay Kapatid na Carrell, itaas ang inyong. . . Bilang nagmula sa Cincinnati, aywan kung meron, na sinumang nakakikilala. Kaniyang sinasabi na siya ay kasama noon ng isang grupo, at ang grupo ay gustong mag—orden ng mga

babaeng ministro. Hindi niya matagalan ito, at kinailangan niyang bumukod sa kanila.

Ganiyang—ganiyan kung paano ako bumukod mula sa mga Missionary Baptist. Si Doctor Roy E. Davis, ilan ang nakarinig na sa kaniya? Tiyak, narinig n'yo na, kita n'yo. Gusto niya noong mag—orden ng ilang mga babaeng mangangaral, at sinabi ko, “Hindi, po. Bilang nakatatanda,” sabi ko, “Hindi ko magagawa ’yan, nalalamang gayon. Ito’y salungat sa Salita ng Dios.”

<sup>47</sup> Hindi kita kilala, Kapatid na Carrell. Nguni’t ayon sa batayan ng ‘yong patotoo, at ‘yang Katotohanan na tinatayuan mo. . . Tayo’y walang minamasama sa mga babaeng ‘yon. Sila’y mga kapatirang babae. Mahal natin sila. Nguni’t tayo’y naniniwala na mayroon silang lugar, at na sila’y kailangang manatili. Kita n'yo? At tayo’y naniniwalang sila’y ginigiliw sa isang lalaki, isang katuwang. At tiyak na hindi. . . Ating iniisip na sila’y ang pinakamainam na kaloob, bukod sa kaligtasan, na kailanma’y ibinigay ng Dios sa isang lalaki. Nguni’t siya’y walang lugar sa pulpito, sang—ayon sa Salita ng Dios. Sa batayang ‘yan, at ng iyong pananampalataya sa Dios, kami’y nagpapatong ng kamay sa ‘yo, bilang pakikisama, na humayong kasama namin.

Ipatong natin ang ating mga kamay sa kaniya.

<sup>48</sup> Aming minamahal na Makalangit na Ama! Ang kabataang lalaking ito, akin lamang nalalaman kung paano ang kaniyang nararamdaman. Siya’y itinulak palabas dahil sa tunay na mga Katotohanan. Na, “Ang tao’y hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawa’t Salita.” Kaya kami’y nagpapatong ng mga kamay sa kaniya, inilalagak ang aming mga basbas kaniya. Nawa ang iyong Espiritu ay pangunahan siya, patnubayan siya, at gabayan siya hanggang sa wakas ng paglalakbay sa buhay sa kahit saan Mo man siya dalhin, Panginoon. Ipaalam sa kaniya na kami’y nananalangin para sa kaniya, at magiging katulungan sa kaniya, at susuportahan siya hangga’t sa siya’y tatayo para sa Katotohanan. Ipagkaloob ito, Panginoon. Aming isinusugo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Carrell.

Inyo lamang ipatong silang mga kamay, ang mga iba pa. Lahat kayo magbigay ng parang mga kanang kamay ng pakikisama para d’yan.

<sup>49</sup> Si Kapatid na Ruddell, dito, ay hindi pa opisyal na naordenan dito sa iglesia. Maaari. . . Ilan ang nakakikilala kay Kapatid na Ruddell? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Tayong lahat ay kilala siya. Ilan ang nakaaalam na siya’y isang tao ng Dios? [“Amen.”]

Minamahal na Makalangit na Ama, nawa habang ang Iyong mga nakatatanda sa iglesia ay nagpapatong ng kamay rito sa kapatid na pumunta sa malalalim, mapuputik na

katubigan. Kaniyang nakitang ang kaniyang kongregasyon ay napapalayo. Kaniyang nakita ang lahat ng bagay na naganap, nguni't gayunpama'y naniwala. Kahit pa ang...?...Kami'y nagpapatong ng kamay sa kaniya, at isinasalin ang aming mga basbas sa kaniya. Pahiran siya, Panginoon, ng buong kalakasan, kasama ang Salita, at isugo siya sa bawa't sulok ng mundo!...?...ay sumakaniya nawa at tulongan siya. At isugo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>50</sup> Kapatid na Ruddell, ikaw ay dati nang may kanang kamay ng pakikisama. Aking kilala si Kapatid na Ruddell. Para bang—parang sarili kong anak. Ang kaniyang tatay at ako, nanay, ay magkakilala na ng matagal. At aking nalalamang si Kapatid na Ruddell ay isang lingkod ng Dios. Ako'y naglingkod na kasama siya. Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Ruddell.

<sup>51</sup> Anong pangalan niya? Sino po kayo, kapatid? [May nagsabing, “Bayaw kay Kapatid na Martin.”—Pat.] Kapatid na Martin, iyong kakilala siya, Kapatid na Martin?

Anong pangalan n'yo? [Ang kapatid ay nagsabi, “Rev. McComas.”—Pat.] Kapatid na McComas. Sa palagay ko walang isa rito na nakakikilala sa kaniya, nguni't siya ay isang...Oo, ang lalaking ito rito ay nakikilala siya, si Kapatid na Tyler. At siya pumarito upang...maipatong ang mga kamay sa kaniya, na siya'y maging tagapagdala ng Ebanghelyo. Kapatid na McComas, taga—saan kayo, Kapatid na McComas? [“Rockford, Illinois.”] Rockford, Illinois. [“Ikaw ay tumawag sa aking tahanan, noong nakaraang linggo, o noong nakaraang Lunes ng gabi, at ipinanalangin ang aking maybahay.”] Oh, ganoon ba? Mula sa Tucson. [“Tucson, Arizona.”] Oh, naaalala ko na ang tawag ngayon. [“Siya'y nakabangon nang sumunod na umaga.”] Purihin ang Panginoon!

[Si Kapatid na Martin ay may sinabi kay Kapatid na Branham—Pat.] Anong sabi? [“Ang bunso kong kapatid na babae.”] Ang iyong kapatid na babae. [“Siya ay narito ngayon. Naparalisa noon.”] Kaya, siya ay narito ngayon, ay ipinanalangin, nang nakaraang gabi, mula Tucson, sa pamamagitan ng telepono. [“Naparalisa.”] Par... [“Siya noon ay naparalisa, at siya ay narito ngayon.”] Siya ay paralisado, ilang gabing nakaraan, at siya ay naririto ngayon. Si Kapatid na Martin ay alam ito, kaibigan. Hindi nakapagtata kang gusto niyang dalhin ang Mensahe!

Ating ipatong ang mga kamay, mga kapatid.

<sup>52</sup> Minamahal na Dios, ako'y nagpapatong ng kamay, kasama nitong mga iba pa, sa Iyong lingkod, at ibinibigay sa kaniya ang kanang kamay ng pakikisama, dumadalangin na ang mga biyaya ng Dios ay...?... [Ang mga pangungusap ni Kapatid na Branham ay hindi marinig nang malinaw—Pat.]...?...na Iyong itinalaga siyang maging. Ang Iyong pagpapala ay sumakaniya,

at patnubayan siya at pangunahan siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ang kanang kamay ng pakikisama, aking kapatid, at ang mga 'yan ay samahan ka. Ang Dios ay sumaiyo.

<sup>53</sup> [May isang nagsabing, “Kapatid na Branham?”—Pat.] Oo, kapatid? [“Ako’y may isa pa na gusto rin ito.”] O sige, ginoo. Naniniwala akong ito ay . . . [“Kapatid na Darris.”] si Kapatid na Darris. Hindi ko . . . [“Kilala ko sina Kapatid na Earl at Kapatid na Brewer.”] Ang lalaking ito ay si Kapatid na Darris. Taga—saan ka, kapatid? [“Black Rock, Arkansas.”] Black Rock, Arkansas. Kapatid . . . [“Kilala ko siya, kapatid.”] . . . kakilala siya. May isa pa, sa aking palagay, rito, nagsabi . . . Kapatid na Brewer. Naniniwala akong nakita ko sila, kaninang umaga. At—at si Kapatid na babaeng Vayle, palagay ko, si Kapatid na lalaking Vayle, at silang nakakikilala sa kaniya, at nalalamang siya ay isang tao ng Dios, isang lingkod ng Dios. Kahanga—hanga!

<sup>54</sup> Buweno, ngayon, aking minamahal na kapatid, upang maging tagapagdala ng Mensahe, gusto naming malaman mo na kami ay tatayo sa likuran mo, gagawin ang lahat na makakaya namin. Kami’y mananalangin para sa iyo, na iyo ring dadalhin ang Mensaheng ito sa kaduluduluhang bahagi ng kung saan ang Dios ay itinalaga kang papuntahin.

Ipatong natin ang ating mga kamay sa ating Kapatid na Darris.

Minamahal na Dios, kami’y nagpapatong ng aming mga kamay sa aming kapatid, ibinibigay sa kaniya ang kanang kamay ng pakikisama, at isinusugo siya sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong papahiran siya. At . . . ? . . . ibigay sa kaniya ang kanang kamay ng pakikisama! . . . ? . . . At ang Iyong Espiritu ay humayong kasama niya, at patnubayan siya at pangunahan siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Dios, kapatid.

<sup>55</sup> Ako—ako’y naniniwala, si Kapatid na Anthony. Marami sa inyo ang nakakikilala kay Kapatid na Anthony. Siya ay nakasama na natin dito nang mahabang panahon. Nalalaman kong siya ay isang lingkod ni Cristo, ako mismo. Ako’y naniniwala na siya isang matapat na kabataang lalaki. Hindi pa siya opisyal na naipatong ang mga kamay sa kaniya. Hindi niya alam na ito ay gaganapin, mga kaibigan. Kita n’yo? Nguni’t ang ngayon mismo ay kasing inam rin ng alinman. Kaya kami ay magpapatong ng mga kamay kay Kapatid na Anthony at ibibigay lamang sa kaniya ang kanang kamay na pakikisama. Ang Dios ang Siyang kailangang gumawa ng pagtatalaga. Ito ay para lamang ipaalam sa kaniya, at malaman n’yo, na ating pinaniniwalaan ang kapatid na ito at mahal natin siya, at siya’y isa sa atin, sa Mensahe. At nais natin na makamit niya ang mga

pagpapala ng Dios, at 'yan ang ating hinihiling para sa kaniya. Tayo'y manalangin, habang ating ipinapatong ang mga kamay natin sa, kapatid.

<sup>56</sup> Minamahal na Dios, itong munting mababang—loob, na Italyanong lingkod Mo, Panginoon, ay lumalapit ngayong gabi, na upang—upang ang mga kamay ay maipatong sa kaniya, at ang kanang kamay ng pakikisama ay opisyal na maiabot sa kaniya, mula sa iglesia. Panginoon, ang Iyong dakilang Kapangyarihan ay isugo ang batang lalaking ito sa bahagi ng mundo at sa sulok na Iyong tinawag siya. At nawa siya'y humayo at palayain silang mga tao mula sa kasalanan at karamdaman, at upang paglingkuran Ka, Panginoon, sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay. Nawa'y Iyong pangunahan siya, patnubayan siya. Nawa ang aming mga basbas ay samahan siya, habang amin siyang isinusugo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Dios.

<sup>57</sup> [May isang nakipag—usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Huh? Oh, hindi ko alam. Tayo'y nakakabit sa telepono; limampung sentimo kada minuto. Meron pa bang ibang narito na gustong . . .

Pumarito rito at sabihin ang inyong mga pangalan, kung sino kayo, mga kapatid, sa mikropono lamang mismo sa itaas *dito*. Sabihin lamang sa kanila. [Bawa't kapatid na lalaki ay nagsabi ng kaniyang sariling pangalan, "Pat Tyler," "Claude Boggess," "Dale Potter," "...?..."Henasey," "James Humes," "Earl Horner."—Pat.] 'Yan ba sila? [May isang nagsabi, "Oo."] Aking mga kapatid.

Ang mga lalaking ito, pinaniniwalaan ba ninyo ang Mensaheng ito bilang ang Katotohanan mula sa Salita ng Dios? [Ang mga kapatid ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Inyo bang pinaniniwalaan 'yan ng inyong buong puso? ["Amen."] Mabuti. At kayo ay nagnanais, at iniisip na kapag aming ipinatong ang mga kamay sa inyo . . . Gusto naming malaman n'yo na kami ay kasama n'yo, at aming gagawin ang lahat naming makakaya upang makatulong sa inyo.

At ngayon gusto kong kayong mga kapatid, para mapatungan ko rin sila ng mga kamay, na humakbang patungo rito ngayon. At lahat tayo'y iyukod ang ating mga ulo, habang ating ipinapatong ang mga kamay sa kanila.

Minamahal na Dios, narito ang isang grupo ng mga kalalakihan. Ako'y nagpapatong ng mga kamay sa bawa't isa sa kanila, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Dios. At nawa Ikaw, na Siyang tumawag sa kanila upang maging mga ministro, na nawa kanilang ipangangaral Ito, Panginoon, sa lahat ng mga kaarawan ng kanilang buhay. At...?...ipangaral ang Ebanghelyo sa bawa't nilikha. Aming ibinibigay sa kanila ang kanang kamay ng pakikisama, at dumadalangin para sa Iyong



mga pagpapala na samahan sila, Panginoon, habang aming binabasbasan sila, isinusugo ang aming mga basbas. Nawa ito ay pumaroon sa bawa't sulok ng mundo na Iyong tinawag sila para puntahan. Nawa sila ay gumawa't paglingkuran Ka sa kakayahan na Iyong tinawag sila. Nawa sila'y maging matapang at tunay na mga lingkod ng Dios. Ipagkaloob ito, Panginoon. At aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>58</sup> Pagpalain kayo ng Dios, bawa't isa, mga kapatid. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios, kapatid. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Humes. Ang Panginoon ang sumainyo, bawa't isa.

Pagpalain ang tali na nagbubuklod  
Sa ating mga puso sa Cristianong pag—ibig;  
Ang pagsasama—sama ng magkaka—ugnay na  
kaisipan  
Ay tulad niyaong sa Sangkalangitan.

<sup>59</sup> Hindi ba Siya'y kamangha—mangha? Isipin lamang ngayon, ilang mga ministro ang narito ngayong gabi na naipatong ang mga kamay sa kanila!

<sup>60</sup> Hindi ko alam na tayo ay nakakabit sa telepono. Kung yaong mga tao ryan ay pagpaumanhinan ako para d'yan; hindi ko alam ito. Kita n'yo? Sadyang di ko alam na kanilang ikakabit itong munting Mensahe ngayong gabi. Nguni't tayo'y . . .

<sup>61</sup> Ngayon ating babasahin ang Salita at mananalangin, at tutungo kaagad sa Mensaheng ito na nararamdaman kong ang Espiritu Santo ay gustong ihatid ko sa inyo ngayong gabi.

<sup>62</sup> At ngayon habang ating binubuksan balik sa . . . para sa teksto, aking ipapaalam ito sa isang sandali. Ating buksan sa Mga Bilang, ang ika—22 na kabanata, talata 31. Mga Bilang 22:31, para sa isang teksto. Habang kayo'y nagbubukas, kung gusto n'yong bumasa, basahin ito at markahan ito.

<sup>63</sup> Gusto kong lahat kayo'y alalahanin ako ngayon, hangang sa makita ko kayong muli, umaasa ako, isang panahon ngayong tag—araw, kung loloobin ng Panginoon. At kung may anumang mangyari, hindi ako makakapangibang—bansa, ako'y babalik. Nguni't tayo ngayon ay naniniwala na, paanong ang lahat ng ito ay naisagawa, na ang Espiritu Santo ay isusugo tayo ngayon sa isang paraan na Kaniyang pinili para sa Kaniyang sarili para isugo tayo. At sa ganiyang paraan natin gustong gawin ito. Ang Panginoon ang magpala!

<sup>64</sup> Ama, kami'y babasa ng Iyong Salita. Maaari Mo bang pagpalain Ito at pahiran Ito sa aming kaunawaan, aming hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>65</sup> Ang Aklat ng Mga Bilang, sa ika—22 kabanata at ang ika—31 na talata.

*At nang magkagayo'y idinilat ng PANGINOON ang mga mata ni Balaam, at kaniyang nakita ang anghel ng PANGINOON na nakatayo sa daan, na hawak ang kaniyang bunot na tabak: at kaniyang iniyukod ang kaniyang ulo, at nagpatirapa.*

66 Ngayon, sa pagbasa nito, upang bumuo ng isang balangkas ng nilalaman nito, nais kong kunin ang paksang: *Binabago Nga Ba Ng Dios Ang Kaniyang Kaisipan Tungkol Sa Kaniyang Salita?*

67 Iya'y isang ganap na teksto, at ito'y isang dakilang Katotohanan na dapat nating maunawaan. Maaari bang magsalita ang Dios ng anumang bagay at pagkatapos sasabihin, "Ikinalulungkot kong sinabi ko ito"? Maaari bang bawiin ng Dios ang Kaniyang Salita, pagkatapos Niyang sabihin Ito?

68 Ngayon, sa pangungusap na ito rito, ang dahilan kaya pinili ko ang pangungusap na ito, ay sapagka't ito'y isa sa mga pangungusap ng Biblia na ang isang mambabasa na, nagsisikap na makakita, o pinipilit na sabihing binabago nga ng Dios ang Kaniyang kaisipan; ito ay parang nagsasabi na binago Niya ang Kaniyang kaisipan ng higit kaysa anupamang dako sa Biblia, na nalalaman ko, sapagka't sinabihan Niya si Balaam ng isang bagay at pagkatapos sinabihan siya nang iba pa. At ngayon, maraming mga tao ang pinipilit na gawin si Balaam na isa lamang, oh, isang manghuhula o anumang. Subali't si Balaam ay hindi isang manghuhula. Siya ay isang propeta ng Panginoon.

69 Ngayon, ating parang kukunin ang balangkas ng Mensahe, muna. Ang Israel ay nasa kanilang paglalakbay mula sa Pales-...papuntang Palestina, mula sa Ehipto. At ang Panginoon ay kasama nila, at sila ay...Bawa't kaaway na bumangon laban sa Israel ay naalis sa daan, sapagka't sinabi ng Dios na ipadadala Niya ang mga putakti sa kanilang harapan at itataboy ang kaaway, hangga't sumusunod sila sa Kaniyang utos. Ang gawain ay hindi kailanman napakalaki. Ang mga Amalecita, ang mga higante ng araw na iyon, ay bale wala sa Israel. Bagama't maliliit sila sa pangangatawan, subali't sila'y lumalakad sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya kahit ano pa ang kalaban, ang Dios ay lagi nang tinitiyak na ang Kaniyang mga Salita ng pangako ay hindi kailanman binigo ang Israel.

70 At ang Israel ng Lumang Tipan ay isang tipo ng Nobya ng Bagong Tipan, lumalabas mula sa—sa sanlibutan, nagmamartsa sa daan papuntang Canaan, o ang Canaan na ating pupuntahan, ang Milenyum.

71 Ngayon, ngayon, napansin nating ang Moab dito ay isang tipo ng iglesia. At ang Moab...Kapapatay lamang nila ng ilang mga hari at ganap na pinuksa ang kaaway, pinatay ang lahat, inangkin ang lupain, at umakyat padaan sa may Moab. Ngayon,

ang Moab ay hindi talaga isang paganong bansa. Ang Moab ay isang bansa na naglingkod sa siya ring Dios na pinaglingkuran ng Israel. At ang lupain ng Moab ay orihinal na nagsimula sa anak na lalaki ni Lot, sa kaniyang sariling anak na babae. At siya, bilang ang tagapagtatag ng bansang ito, at bumuo ng kaniyang mga kilalang mga tao at iba pa, at gumawa ng isang tanyag na bansa mula rito, at sila’y dumami na at nagpatuloy.

<sup>72</sup> At, ngayon, ang Israel ay sa binhi ni Abraham, hindi kay Lot. Ang Israel ay lumabas mula kay Isaac, kay Jacob. At ang Israel ay lumabas mula sa labindalawang liping yaon mula kay Jacob, na tinawag pagkaraan na “Israel,” sapagka’t nakipagtunggali siya sa Panginoon. At ang Moab dito . . .

<sup>73</sup> Ngayon, dito, at kayong mga taong nasa—nasa mga telepono, nais ko munang sabihin na ako—hindi ko nais na maging mapanuri, at umaasa akong ako’y hindi. Subali’t, ang Mensaheng ipinagkaloob sa akin, ako’y kailangang maging matapat sa Mensaheng iyan, o ako’y magiging isang mapagkunwari. Kita n’yo? Ako—ako’y hindi maaaring magsabi nang higit kaysa sa kung ano ang iniutos sa aking sasabihin.

At aking—aking ipinapalagay na ang malaking kalaban ng Cristianong lipunan sa araw na ito ay ang inorganisa na mga iglesya. Ako nga’y naniniwala ng buong puso ko na sa bandang huli ito’y magiging tatak ng halimaw, na maaari kong, sa palagay ko ay mapatutunayan ko iyan sa pamamagitan ng Biblia sa tulong ng Dios. Ginawa ko na ito. Na, ito’y magiging ang tatak ng halimaw, sa kalipunan ng mga iglesya. Sapagka’t, hindi kailanman ginawa ng Dios, sa anumang panahon, na kinilala ang isang inordenang iglesya, inorganisang iglesya, hindi kailanman. Hindi niya kailanman ginawa ito.

At sa tuwing gagawa ang tao ng isang organisasyon, iniiwan ito ng Espiritu ng Dios at hindi na muling bumabalik. Tanungin ang sinumang mananalaysay, o maaaring kayo mismo ay isang mambabasa. Hindi kailanman! Nang sila’y nag—organisa, isinantabi ito ng Dios sa salansanan, at d’yan ito napunta; nanatili ito, simula roon. Sila’y dumami sa mga miyembro, nguni’t hindi kailanman ang pag—gising ng Espiritu; hindi na kailanman, wala na.

<sup>74</sup> Ang Moab, dito, ay isang tipo ng gayon, sapagka’t sila’y isang—isang bansang naorganisa; sa kanilang sariling lupain, tulad sa kanilang denominasyon. At doo’y may sarili silang mga relihiyon, at ang kanilang relihiyon ay katulad ng relihiyon na mayroon ang Israel. Sila’y mga Moabita at sumasampalataya sa Jehovang Dios, nguni’t sila’y mga inorganisang grupo ng mga tao.

<sup>75</sup> At, ngayon, bilang sila’y kumakatawan sa natural na iglesya, ang Israel ay kumakatawan sa espirituwal na iglesya sa paglalakbay nito. Ngayon, ang Israel ay hindi isang inorganisang

bansa. Hangga't sila'y sumusunod sa Dios, sila'y malaya. Sila'y dumarating, mga naninirahang pansamantala, walang dakong mapanatilihan. Saanman pumunta ang Haliging Apoy, sumasama sila Rito. Sila'y hindi isang inorganisang bansa. Sila'y may isang organismo sa kanilang kalagitnaan, sapagka't ibinigay sa kanila iyon ng pagtutuli sa ilalim ng kautusan ng Dios, nguni't hindi pa isang naorganisang bansa sa panahong ito. Noong sila'y maging isang naorganisang bansa, diyan sila bumagsak at tinanggihan ang kanilang Mesiyas.

<sup>76</sup> At ngayon ating nasusumpungan, parati, na kapag itong mga natural at espirituwal, mga espiritu ng mga iglesya at mga organisasyon, ay nagtatagpo, palaging mayroong pagtutunggali. Ito'y hindi pa nabibigo sa gayon. Ito'y laging naglalaban. Sapagka't, ating nakikita na roon ay may isang paninibugho. At diyan, sa paninibughong ito, nagdudulot ito ng karnal na mga paghahambing, mga pagpapanggap. At nasusumpungan natin ito sa araw na ito, na tulad noon. Kapag ang Dios ay gumagawa ng isang bagay para sa isang tao, ang lahat ay nagsisikap na gayahin ang ginawa ng Dios sa taong iyon. Kita n'yo, nagdudulot ito ng isang paligsahan, at ito'y gumagawa ng karnalidad. At pagkatapos kung kanilang hindi, sa kabilang banda, makuha ang espirituwal na mga kasagutan, kung gayon kinukuha nila ito sa pamamagitan ng kapangyarihang politikal, o ipinapalit nila ang isang bagay, upang guluhin ang kaisipan ng mga tao, upang humila ng mga alagad sa ganang sarili nila.

<sup>77</sup> Iyan ang eksakto kung ano nangyari sa pinakasimula; tulad kina Cain at Abel, kapuwa batang lalaki rito sa mundo. At nang si Abel ay mag-alay sa Dios ng isang lalong mabuting hain kaysa kay Cain, at ang Dios ay pinagtibay si Abel, sa pamamagitan ng pagbaba at pagtanggap ng kaniyang hain; ito'y nagdulot ng paninibugho kay Cain, sapagka't nanibugho siya sa kaniyang kapatid, at pinatay ang kaniyang kapatid.

<sup>78</sup> Ito'y nag—umpisa sa pasimula, na noong ang natural at ang espirituwal, bagama't sina Cain at Abel ay sinamba ang iisang Dios. Kapuwa sila nagtayo ng iisang uri ng dambana. At kapuwa nila sinamba ang iisang Dios, sa iisang iglesya, sa iisang dambana. Subali't si Cain, sa pamamagitan ng makataong pangangatuwiran, ay nagdala ng mga bunga ng lupain at inilagay ang mga ito sa ibabaw ng dambana bilang isang hain, iniisip na siguradong ito ang kasagutan sa Dios para sa kabayaran ng kasalanan. Kaya siya marahil ay nagdala, tulad ng iniisip ng mga tao sa araw na ito, “ng mga mansanas na kinain ni Adan at Eba, na nagdulot ng kasalanan.” At, anupaman, sa palagay ko kanila na itong ginawa ngayong isang “pomegranate” o isang bagay na ngayon. Ilan sa kanila ang nagsabi, hindi pa katagalan, ito'y iba pang bagay.

<sup>79</sup> At, nguni't nakay Abel ang tamang hain. Alam niya na ito'y dugo ang gumawa nito, kaya nag—alay siya ng isang

cordero. At nang tanggapin ng Dios ang sa kaniya, ngayon, si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng kapahayagan, walang ibang paraan. Walang naisulat na Biblia. Kaya, nakita n'yo, ang pasimula ng pagkamakatuwiran ay ang nahayag na Katotohanan ng Dios, at ang buong Iglesia ng buhay na Dios ay natatayo sa ibabaw niyan.

<sup>80</sup> Si Jesus, isang araw, bumababa mula sa bundok, ay nagsabi sa Kaniyang mga alagad, “Ano бага ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?”

“Isa ang nagsabi Ika’y si ‘Moises’ at ang isa ay nagsabing Ika’y si ‘Elias’ at Ika’y si ‘Jeremias, o isa sa mga propeta.”

Kaniyang sinabi, “Datapuwa’t ano ang sabi ninyo kung sino Ako?”

<sup>81</sup> Diyan ay kung kailan si apostol Pedro, kinasihan ng Dios, binigyang buhay ng Espiritu, ay nagbitaw niyang kahanga—hangang pangungusap na, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios.”

<sup>82</sup> Pansinin ang pangungusap. “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas, laman at dugo ay hindi ipinahayag ito sa iyo. Ang Aking Makalangit na Ama ang naghayag nito sa iyo. Ikaw si Simon. Sa ibabaw ng batong ito . . .”

Angong bato? Ngayon, sinasabi ng Katoliko, “Kay Pedro, ang bato, maliit na bato.” At sinasabi ng Protestante, “Kay Cristo, ang Bato.”

Hindi para maging iba; subali’t ito ay sa ibabaw ng kapahayagan na nakamtan ni Pedro, kung Sino Siya. “Walang makalalapit sa Akin,” sinabi ni Jesus, “malibang ilapit siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.”

“Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios.”

<sup>83</sup> “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas; laman at dugo ay hindi ito ipinahayag sa iyo, kundi ng Aking Amang nasa Langit. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito.” Ang espirituwal na nahayag na Salita ng Dios!

<sup>84</sup> Pansinin, si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios, ay naghandog ng isang mas higit na hain. At ang karnal na mananampalataya ay inisip na ito’y ang mga gawa ng kaniyang sariling mga kamay, ’yan, at ang kaniyang mga bunga at ang kaniyang magandang handog na kaniyang dinala, na kikilalanin ng Dios, at ito’y gumawa ng isang pagtutunggali.

Ating nalaman na si Abraham at si Lot ay kailangang magtunggali.

<sup>85</sup> Ating nalaman na si Moises at—at Dathan, si Core, ay nagkaroon ng ganoon ding pagtutunggali.

Si Moises, bilang isang inordenang propeta na taglay ang Salita ng Panginoon, pinagtibay na siya'y pinili upang maging pinuno nila sa oras na iyon, at na ipinangako ni Abraham ang lahat ng mga bagay na ito, at dito'y ginawa ni Moises nang eksakto kung ano ang sinabi ng Dios na mangyayari, magaganap.

At si Core, bilang karnal, nais na magtatag ng isang organisasyon sa gitna nila. Ninais niyang gumawa ng isang grupo ng mga tao. At ang Dios ay hindi nakikitungo sa mga tao na tulad niyan. Ipinakikita nito mismo riyan, sa Kasulatang iyan, ang isang tipo ng paglalakbay sa araw na ito, na ang organisasyon ay hindi ang inoordenan ng Dios. Sapagka't, pagkatapos na pagkatapos magawa ito ni Core, sinabi niya kay Moises, "Masyado mong sinasarili ang lahat." Sa ibang pananalita, "Ang buong kongregasyon ay banal! Aba, sinasabi mong ikaw lang ang banal. Wala kang karapatang gawin ang anumang tulad niyan. Sinisikap mong gawin ang iyong sariling isang malaking tao. Tayong ay lahat banal. Tayong lahat ay mga anak ng Dios."

<sup>86</sup> At si Moises ay ipinihit lamang ang kaniyang ulo at lumayo. Kaniyang sinabi, "Panginoon, anong aking gagawin?"

<sup>87</sup> Sinabi ng Dios, "Thiwalay mo ang iyong sarili sa kaniya. Labis na ito sa Akin." At Kaniyang nilamon siya sa lupa.

<sup>88</sup> Kita n'yo, may pagtutunggali. Kapag ang karnal at ang espirituwal ay nagtatagpo, palaging may pagtutunggali. Noong magtagpo si Judas at si Jesus, nagkaroon ng pagtutunggali; Ang isa, ang Anak ng Dios; ang isa naman, ang anak ni Satanas. Katulad lamang ni Cain at Abel, may pagtutunggali noong magtagpo sila. Ang isa sa kanila ay ang ingat-yaman ng iglesya, at ang Isa naman ay pastor. At tulad ngayon, dumating tayo sa araw na ito, sa ganoon ding bagay muli. Ang karnal na denominasyon sa espirituwal na Nobya ni Cristo. Ang espirituwal na Nobya ni Cristo ay ibang—iba mula sa karnal na mga organisasyon, hanggang sa wala nang pagkakahalintulad pa sa kanila.

<sup>89</sup> Ngayon pansinin, ang natural ay laging nagsusumikap na tumipo sa espirituwal. Subali't, katulad ng kina Jacob at Esau, hindi ito mangyayari. Hindi ito maaari. Ngayon, pagdating sa paggawa ng mabubuting gawa, ako—ako'y naniniwala na si Esau ay totoong mas mabuting tao kaysa kay Jacob, sa paningin ng tao. Kaniyang sinikap na alagaan ang kaniyang ama; bulag siya, isang propeta. At lahat ng mga bagay na ito na sinikap niyang gawin, nguni't gayunman hindi inisip ni Esau ang tungkol diyan bilang isang makataong gawain lamang. Kaniyang iniisip na makapapasok siya sa pamamagitan ng kaniyang ginawa, gumawa ng mabuting bagay sa isang tao, na mabuti naman. Subali't si Jacob, ang kaniyang buong kaluluwa ay para kunin

ang karapatang iyon sa pagkapanganay, at iyon ang kinilala ng Dios sa kaniya sa espirituwal.

<sup>90</sup> Pansinin, at ito'y parating nagdudulot sa natural na kamuhian ang espirituwal. Naging sanhi ito para kapootan ni Cain si Abel. Naging sanhi ito para kasuklaman ni Core si Moises. Naging sanhi ito para kamuhian ni Judas si Jesus. At patuloy at patuloy ito. Nagiging sanhi ito na kamuhian ng natural ang espirituwal, katulad ni Cain na sa pasimula ay kinasuklaman si Abel, yaong pinagmulan ng tinanggap na hain ng Dios, at sinusubukang sirain sila.

Kanilang sinisikap na sirain maging ang impluwensiya. Kanilang sinisikap na wasakin ang lahat, sapagka't ito'y walang iba kundi paninibugho. Ito'y nag—umpisa kay Cain at napatunayang paninibugho ito, at ito'y nananatiling ganiyan pa rin sa araw na ito kapag ang natural (ang karnal) at ang espirituwal ay nagtatagpo. Pinatutunayan nito na ito'y si Satanas, wala nang iba pa, sapagka't nanggaling kay Satanas ang pagkainggit. At pagkatapos nagiging sanhi ito ng pagpapanggap ng Katotohanan, isang tao na magsisikap na gampanan ang isang bagay na hindi naman sa kaniya, hindi sila ang inatasang gumanap. Gaano karaming ganiyan ang ating nakita sa mga huling araw na ito! Oh, naku, gaano karami nito!

<sup>91</sup> Kaya ating nakikita na ang Dios ay gumagawa mag- . . . hindi magpakailanman binabago ang Kaniyang kaisipan tungkol sa Kaniyang orihinal na Salita. Datapuwa't, kung sino ang Kaniyang tinatawag, iyon ang Kaniyang inoordenan. Wala nang sinumang maaaring kumuha ng katungkulan iyon. Walang sinumang pupuwedeng kumuha ng katungkulan ni Moises. Kahit gaano pa karaming Core ang magbangon, at gaano pa karaming Dathan; ito'y si Moises, ang tinawag ng Dios, gayon pa man.

<sup>92</sup> Subali't, kung ang mga tao ay hindi lalakad sa Kaniyang sakdal na kalooban, Siya nga'y mayroong ipinahintulot na kalooban na Kaniyang hahayaang inyong lakaran. Pansinin, Kaniyang pinahihintulutan ito, oo nga, nguni't Kaniyang papangyayarihin ito para sa Kaniyang ikaluluwalhati, sa Kaniyang sakdal na kalooban. Ngayon kung nais ninyong . . .

<sup>93</sup> Tulad lamang, sa pasimula, hindi ito sakdal na kalooban ng Dios na ang mga bata ay isilang sa mundo sa pamamagitan ng sex. Hindi, po. Nilikha ng Dios ang tao mula sa alabok ng lupa, inihinga ang hininga ng buhay sa kaniya, at siya'y naging isang buhay na kaluluwa. Kaniyang kinuha mula sa taong yaon ang isang katuwang, at ginawang asawa sa kaniya. Iyan ang una at orihinal na kalooban ng Dios. Subali't nang ang kasalanan ay pumasok at ginawa ang bagay na ginawa nito, sa gayon Kaniyang pinahintulutan ang tao na mag—asawa, nang ayon sa batas, at magkaroon ng mga anak sa pamamagitan

niya. “Magparami at kalatan ang lupa, kung gayon, kung sa ganiyang paraan ninyo gagawin ito.” Nguni’t, nakita n’yo, hindi ito kailanman ang Kaniyang sakdal na kalooban.

<sup>94</sup> Samakatuwid, lahat ng mga bagay na ito na may simula ay kailangang may katapusan. Ang lahat ng kasalanan ay kailangang mapuksa. Ang lahat ng kasalanan ay kailangang mawala. Samakatuwid, sa dakilang Milenyum kapag dumating na ang pagkabuhay na mag—uli, hindi na tayo kailangan pang ipanganak na muli ng ating mga ama at ina, bagkus ang Dios tulad ng Kaniyang ginawa sa pasimula ay tatawagin ang tao mula sa alabok ng lupa, at ang kaniyang katuwang kasama niya. Iya’y tama. Sa ganiyang paraan Niya ginawa ito sa pasimula.

<sup>95</sup> Kaya samakatuwid, hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan tungkol sa anumang bagay, nguni’t pahihintulutan ka Niyang magpatuloy. Ngayon, napakahabang talakayan ito para makuha ang nais kong sabihin tungkol dito. Nguni’t, at, nguni’t, ito’y, kayo’y . . .nais kong maunawaan ninyo ito. Kita n’yo? Pahihintulutan kayo ng Dios na gawin ang isang bagay, at pagpapalain pa kayo sa paggawa nito, nguni’t hindi pa rin ito ang Kaniyang sakdal na kalooban.

<sup>96</sup> Pinahintulutan ng Dios ang Israel na gumawa ng batas, sa ika—19 kabanata ng Exodo. Noong ang biyaya ay binigyan na sila ng isang propeta, Haliging Apoy, isang haing tupa, isang nagliligtas na kapangyarihan, nguni’t sila’y humingi pa ng isang Batas. Hindi ito kalooban ng Dios, subali’t ito’y ipinasok sapagka’t ninais ng tao ito. At siya ay nasumpa ng mismong batas na kaniyang ninasa.

<sup>97</sup> Pinakamainam ang makamtan ang kalooban ng Dios. Iyan ang Kaniyang itinuro sa atin. “Mangyari ang kalooban Mo. Dumating nawa ang Kaharian Mo. Mangyari nawa ang kalooban Mo.” Kailangang isuko natin ang ating mga sarili sa Kaniyang kalooban at Kaniyang Salita. Huwag pag—alinlanganan Ito. Sampalatayanan Ito. Huwag subukang humanap ng paraan na mangangatuwiran Dito. Tanggapin lamang Ito kung ano Ito.

Napakaraming nais magpaikot—ikot, humanap ng iba pang paraan. At kapag ginawa mo, masusumpungan mo ang iyong sariling nagpapatuloy, masusumpungan mong pinagpapala ka ng Dios, subali’t ika’y gumagawa sa Kaniyang ipinahintulot na kalooban at hindi sa Kaniyang sakdal, Banal na kalooban.

<sup>98</sup> Kaniyang pinahihintulutan ito, tulad ng aking sinabi, nguni’t hindi Niya—hindi Niya hahayaan itong maging Kaniyang sakdal na kalooban; nguni’t Kaniya itong papangyayarihin para parangalan at pagpalain ang Kaniyang sakdal na kalooban. At ang panganganak, sa pamamagitan ng sex, ay isa roon.

<sup>99</sup> Ngayon pansinin, ang Moab, sa pasimula pa, ay isang ilehitimong bansa. Ito’y nag—umpisang, ilehitimo, gayon man sa



pamamagitan ng isang—isang amang mananampalataya at isang anak na babaeng mananampalataya.

Tamang—tama lamang, kung iyong ititipo iyan at gagamitin ang isang espirituwal na kaisipan, iyong makikita ang denominasyong iyan na nakatayo riyang ng sadyang kasing linaw ng anumang bagay. Totoo. Kita n'yo, ang kabuuang bagay ay mali lahat. At, tingnan, noong ito'y dalhin, nag—umpisang tulad niyan, hindi ito maaaring. . . Ito'y nagpapatuloy, tulad sa isang bolang niyebe, ito'y patuloy lamang na gumugulong nang padagdag at padagdag at padagdag. Ika'y magkakaroon ng isang pagkakamali, at mag—uumpisa sa isang pagkakamaling iyan, at iyo lamang pagugulongin nang pagugulongin ang isang bagay sa isa pa, at isang bagay tulad ng iba pa, lahat alinsunod sa iba.

<sup>100</sup> At ganiyan nag—umpisa ang iglesya. Ganiyan ito nag—umpisa sa Nicaea, sa Roma, noong ang Romano Katolikong iglesya. . . Sa pinaka—umpisa, kung saan ito nanggaling, ay sa Pentecostes. Subali't nang sila'y mag—organisa at ipinasok ang mga bantog na tao, sa loob ng iglesya, nag—umpisa silang gumawa, nagkaroon ng mga panalangin, at pagrorosaryo, at—at pagdarasal para sa mga patay, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. At pagkatapos ito lamang ay nag—umpisa nang gumulong, mula sa isang pagkakamali tungo sa isa pa, isang pagkakamali sa isa pa, hanggang sa tingnan kung saan na ito nasadlak. Wala nang isa mang kumakatawan sa pentecostes dito, sa anumang paraan. Kita n'yo? Ito'y isang kamaliang pumupulot ng isa pa, pumupulot ng isa pa. May isa lamang bagay na dapat gawin, iya'y, linisin ang talaan at bumalik sa pasimula.

<sup>101</sup> Noong, si Martin Luther ay nag—umpisa sa pag— aaring ganap. Ito dapat ang naging mas nangunguna, iglesyang Lutheran. Kita n'yo? Kung. . . si Luther, nang siya ay nag—organisa, hindi niya matanggap ang kay Wesley na pagpapakabanal, sapagka't siya'y inorganisa; at hindi paninindigan ng mga kalalakihan ito, kaya lumabas ang Espiritu rito.

<sup>102</sup> Ngayon, ang grupo ni Lot dito; o, si Moab ay anak ng babaeng anak ni Lot, ilehitimo nang magpasimula. Ngayon pansinin, bilang ang natural na iglesya, ang Moab, ay kumakatawan sa natural na denominasyon.

Ang Israel ay kumakatawan sa espirituwal na Iglesya. Ang Israel, hayan noon ang isang iglesiang tunay, ay ang nobya nang araw na yaon, tinawag palabas ng Ehipto, at pinagtibay siyang katotohanan.

<sup>103</sup> Pansinin noong sila, silang dalawa ay magkasamang dumating. Kapuwa sila nag—alay ng magkatulad na hain, kapuwa nagtayo, kinakitaan ng pitong dambana, kapuwa nag—alay ng malinis na hain, baka. At sila'y nag—alay rin maging ng

mga lalaking tupa, pinatotohanang may darating na Mesiyas. Sa batayan, kapuwa sila magkaparehong—magkapareho. Ang Israel, banda rito sa lambak; ang Moab, doon sa itaas ng burol. At ang Moab na may pitong dambana; ang Israel na may pitong dambana. Ang Moab na may pitong lalaking baka; ang Israel na may pitong lalaking baka. Ang Moab na may pitong lalaking tupa, tumutukoy sa darating na Mesiyas; ang Israel na may pitong lalaking tupa.

Ano ba ang pagkakaiba sa kanila? Sa batayan, kapuwa tama. Nguni't, nakita n'yo, ang Moab ay walang kasamang pagpapatibay ng Dios; sila lamang ay isang bansa, isang grupo ng mga tanyag na tao. Subali't ang Israel ay may kasamang isang propeta. May kasama silang isang hinampas na Bato. Mayroon silang isang Haliging Apoy. Mayroon silang isang tansong serpiyente, para sa pagpapagaling. Mayroon silang mga pagpapala ng Dios na kumikilos na kasama nila, at sila ang mga tinawag—palabas na mga anak ng Dios.

<sup>104</sup> Ngayon ating nakitang 'yan ay katipong—katipo rito sa kanilang mga iglesya ng araw na ito. Samantalang, ang Moab ay hindi gayon. Ang Israel ay isang manlalakbay, palipat—lipat ng lugar; saanman pumunta ang Haliging Apoy na yaon, sumasama sila Rito. Ang Moab, hindi ganoon; sila'y nakapirmi na sa kanilang sariling denominasyon, doon sa kanilang sariling bansa. Sila'y hindi palipat—lipat, sila'y nakapirmi roon. Mayroon silang kanilang tanyag na mga tao. Sila'y nag—oorden ng mga bagay gaya ng kanilang dapat gawin, at sila'y may sariling mga mandirigma, sila'y may sariling mga taong panlaban, sila'y may sariling hari nila, na pinanggagalingan ng kanilang mga utos, at iba pa.

<sup>105</sup> Subali't ang Moab ay nakita sa Israel ang isang bagay na wala sa kanila. Kanilang nakita ang isang malakas na kapangyarihan sa kalagitnaan ng Israel, at isa itong propeta. At ang propetang yaon ay si Moises. At kanilang nalalaman na kapag ang labanan ay nalagay sa alanganin, itataas lamang nila ang kaniyang mga kamay at pinananatili silang nakataas doon, at ang labanan ay nababago. Kaya wala silang tulad ng ganoon, kaya sinubukan nilang tapatan ito ng pulitika, nang isang pampulitikang hatak. Sila'y nagsugo roon sa ibang bansa at umupa ng isang propeta upang pumaroon, para sila'y magkaroon ng isang propeta, at magkaroon ng kapangyarihan sa kanilang kalagitnaan katulad ng nasa kalagitnaan ng Israel.

<sup>106</sup> Nakikita ba ninyo ang karnal na pagkakahalintulad? Nakikita ba ninyo ang karnal na iglesya sa araw na ito? Ito'y gumawa ng katulad na katulad na bagay.

<sup>107</sup> Pansinin, ngayon, sila'y kapuwa magkakaroon ng mga propeta. Ang tanging pagkakaiba ay, si Moises, ang propeta ng Dios, ang kaniyang Hari ay ang Dios. Doon niya kinukuha ang

kaniyang mga utos, ang Salita ng Panginoon. At si Balaam, siya rin, siya'y may hari, at ang haring iyon ay si Balac, ang hari ng Moab, at doon niya kinukuha ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga basbas. Kaya ang Moab ay nagsabi kay Balac, "Bumaba ka," o kay Balaam, sinabi, "bumaba ka at sumpain para sa akin ang mga taong ito, sapagka't kanilang kinalatan ang buong lupa. Sila lamang ay dumarating at hinihimuran ang lahat ng bagay tulad ng isang baka na hinihimuran ang damo." Sinabi, "Bumaba ka na ngayon. At nalalaman ko na kaya mong magsumpa, kaya mong magpala, anumang iyong gawin ay kinikilala."

<sup>108</sup> Ngayon, nais nating pansinin na ang taong ito ay isang propetang inordenan ng Dios, subali't kaniyang ipinagbili ang kaniyang mga karapatan sa pagkapanganay sa pampulitikang mga kadahilanan. Katulad ng ginawa ng iglesya sa araw na ito, tulad ni Luther, Wesley, Pentecostes, at ang buong grupo nila, ipinagbili ito para sa mga impluwensiya sa kanilang organisasyon. Si Moises, sa ilalim ng Dios; Si Balaam, sa ilalim ni Balac. Gayunman, kapuwa propeta ay tinawag na tao ng Dios, at kapuwa espirituwal. Pansinin ang pagkakaiba. Bawa't isa ay may ulo; ang kay Moises ay ang Dios; ang kay Balaam ay si Balac.

<sup>109</sup> Pansinin dito kung paanong ang espirituwal ay maiuugnay, upang patunayang mali ang natural. Si Moises, isinugo ng Dios, nasa linya ng tungkulin, ay kinatagpo at hinamon ng isa pang propeta ng Dios. Aakalain ba ninyo iyan! Si Moises, tinawag ng Dios, inordenan ng Dios, tumatayo sa tungkulin ng Dios; pumaroon doon sa malamig, pormal na grupo, at hinamon ng isa pang propeta ng Dios, kung ano ang pinagpala at inordenan ng Dios. Papaano mo masasabi ang pagkakaiba? Kapuwa sila may propeta. Nangusap ang Dios sa dalawang propeta.

<sup>110</sup> At ang ilan sa kanila ay nagsasabi, "Sinabi ng Dios, 'Gawin *ito*.' Sinabi ng Dios, 'Gawin *iyon*.'" Ngayon, hindi ko tinututulan iyan, nguni't ito'y taliwas sa hanay ng Salita ng Dios. Ang propeta, kahit pa isa siyang propeta, siya'y wala sa linya. Napakaraming mga tao ang nadadaya ng tulad niyan. "Oh, ang kapatid na *ito* ay kayang gawin *ito*, at ang kapatid na *ito* ay kayang gawin *iyon*," at tatanggihan ang Salita?

<sup>111</sup> "Kahit ako'y magsalita ng wika ng mga tao at mga anghel, kahit na ako'y may mga kaloob, na aking mapakilos ang mga bundok, kahit aking ibigay ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, ako'y wala pa ring kabuluhan."

"Maraming mangagsisilapit sa Akin sa araw na yaon, at mangagsasabi, 'Panginoon, Panginoon, hindi бага nanghula ako sa Iyong Pangalan? Hindi бага, sa Iyong Pangalan, nagpalayas ako ng mga demonyo at gumawa ng mga gawang makapangyarihan?' At sasabihin Ko sa kanila, 'Magsilayo,

kayo...Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasan. Kailanma'y hindi Ko kayo nangakikilala." Gayunman, sila'y lumalapit na may patotoo na ginawa nila ito, nguni't sinabi ni Jesus, "Mga manggagawa sila ng katampalasanan." Ano ba ang katampalasanan? Isang bagay na alam mong dapat mong gawin, na tamang gawin, nguni't magkagayon ma'y hindi mo ito ginagawa. Kita n'yo kung ano ang mangyayari sa mga huling araw?

<sup>112</sup> Pakinggan ang buong linya! Iyan ang aking layunin sa gabing ito. Sinabi kong ako'y magtatapos ng alas-nuebe, nguni't ako'y lalampas ng kaunti, siguro. Tingnan, iyan ang aking buong layunin, upang ipakita sa inyo ang linyang ito, sa pamamagitan ng Salita ng Dios, kita n'yo, na—na ang Dios ay kailangang tuparin ang Kaniyang Salita upang manatiling Dios.

<sup>113</sup> Ngayon, ating napapansin na ang mga ito ay kapuwa espirituwal na mga tao, kapuwa sila propeta, kapuwa sila tinawag. At si Moises, mismong nasa hanay ng tungkulin, na may isang sariwang Haliging Apoy sa harapan niya araw—araw, ang Espiritu ng Dios na nasa kaniya, sa hanay ng tungkulin. Naririto ang isa pang lingkod ng Dios, tinawag ng Dios, inordenan ng Dios, isang propeta na dinaratnan ng Salita ng Dios. Naririto ang mapanganib na linya. Walang sinumang makatututol sa taong iyan bilang sa Dios—sa Dios, sapagka't sinabi ng Bibliang ang Espiritu ng Dios ay nangusap sa kaniya, at isa siyang propeta. Subali't, nakita n'yo, nang makuha niya ang tunay na kasagutan mula sa Dios, ayaw niyang sundin Ito. Hindi niya napansin Ito, pagkatapos siya'y humayo para hamunin si Moises.

<sup>114</sup> Ngayon, hinanap ni Balaam ang kalooban ng Dios, nang buong puso niya. Ngayon, nang itong mga kilalang tao ay dumating at sinabi, "Balaam! Ang haring si Balac ay nagsugo, na ika'y magtungo sa kaniya kaagad at isumpa ang mga taong ito ng Israel, sapagka't sila'y nagsipangalat sa buong lupa, at ngayon sila'y nagkakampo laban sa akin. At kanilang tinalo ang bawa't kaharian sa paligid, sa ibaba nila. At ngayon nais naming pumarito ka at isumpa ang mga taong ito. Sapagka't, nauunawaan ko na kung isusumpa mo ang sinuman, masusumpa siya." Ngayon, nakita n'yo, siya'y isang tao ng Dios. "Kung ano ang iyong pinagpapala, ay pinagpala." Siya'y isang lingkod ng Dios.

<sup>115</sup> At inisip ni Balaam ngayon, bilang isang propeta, "May isang bagay lamang akong dapat gawin, at iyo'y alamin kung ano ang kalooban ng Dios."

<sup>116</sup> Iyan ang tungkulin ng isang propeta, kung siya'y tinawag upang maging isang propeta. Una, ano ang dapat gawin ng isang propeta? Ay alamin ang kalooban, ang Salita ng Dios. Kailangang gawin niya ito. Sapagka't, bilang isang propeta,

ang Salita ng Dios ay dumarating sa kaniya. Ang . . . Kanilang sinasabi, “Buweno, ika’y hindi isang teologo.” Hindi kailanman sinabi ng Biblia na ang Salita ng Dios ay dumarating sa isang teologo. Sila ang siyang nagpapagulo Nito. Ang Salita ay dumarating sa propeta ng Dios.

<sup>117</sup> At narito ang isang tao na isang propeta ng Dios. At noong siya’y kinasundo, para upahan, para maparoon at isumpa ang isa pang bayan ng Dios, pansinin, kaniyang hinanap ang kalooban ng Dios. At nais niyang malaman ang Kaniyang sakdal na kalooban, at ibinigay ng Dios sa kaniya ang Kaniyang sakdal na kalooban sa bagay na iyon. Ang Kaniyang sakdal na kalooban ay ipinakita sa kaniya. Ano ang Kaniyang kalooban? “Huwag kang pumunta!” Iyan ang unang Salita ng Dios. “Huwag kang sumama sa kanila. Huwag mong subukang sumpain ang Aking bayan, na lumalakad sa Aking sakdal na mga kaparaanan.”

<sup>118</sup> Kung paano ganiyan sa panahon na ito, gustong tumutol, makipagtalo, at lahat na, kapag kanilang nakikita ang Espiritu ng Dios na gumagawa sa kalagitnaan ninyo. At sinusubukan nila, kanila nang sinubukan ito ng maraming mga taon, upang pigilan Ito. Subali’t habang kanilang lalong sinusubukang pigilan Ito, lalo Itong lumalago. Hindi mo maisusumpa ang pinagpala ng Dios. Sadyang hindi mo magagawa. Sadyang hindi mo magagawa ito.

<sup>119</sup> Kaya, nakita n’yo, iyan ang bayan ng Dios. Ngayon, ang propetang yaon, bagama’t naroon siya at inupahan ng hari, gumawa sa gitna ng mga tanyag na tao, at iba pa. At ang Salita ng Dios ay dumating sa kaniya. Kaniyang hinahap ang kalooban ng Dios, at ang kalooban ng Dios ay sumagot sa kaniya, at sinabi, “Huwag mong isumpa ang bayang ito. Pinagpala Ko sila.”

<sup>120</sup> Ngayon walang isa mang teologo sa ilalim ng langit na maitatangi ang Mensaheng ito na ating ipinangangaral, kundi Ito’y ang eksaktong Salita ng Dios na napapanahon. Ang Dios ay pinagtibay ito, sa lahat ng sinabi o ginawa. Kaniyang pinatunayang Ito’y tama. Ngayon, walang teologo, walang mambabasa ng Biblia, walang propeta, na makatitingin sa Salitang iyon, kung isa siyang propeta, makikita niya ang ganoon ding bagay. Nguni’t kung hindi niya nakikita ang ganoon ding bagay, ito’y nagpapakitang may isang bagay na mali. Sapagka’t . . .

<sup>121</sup> Sasabihin mo, “Buweno, oh, maaari kong kunin ito nang baligtaran.” Ganoon din si Balac, si Balaam. Kita n’yo? Nguni’t kinilala ng Dios si Moises.

At kung gayon ano ang katibayan? Ang Salita ng Dios. At kaniyang narinig ang malinaw, tiyak na kapasiyahan ng Dios, “Huwag kang pupunta. Huwag mong subukan na—na isumpa ang Aking pinagpala. Sila’y Aking bayan.”

Nguni't alam ba n'yo? Hindi gusto ni Balaam silang mga tao, sa pasimula pa. Oh, anong . . . Ilang mga Balaam ang mayroon sa mundo sa panahon ngayon! Hindi niya gusto ang grupong iyon, sa pasimula pa.

<sup>122</sup> Ngayon, pagkatapos niyang marinig ang malinaw na kapasiyahan ng Dios, “Huwag kang pupunta.” Subali't, nakita n'yo, sa halip na gawin ito, ito'y katulad ding bagay ng kay Cain, tulad ni Core, nanibugho siya, at siya—ninais niyang, isang dahilan para pumunta, parin.

<sup>123</sup> Pansinin, ang kaniyang maka—denominasyong punong—himpilan, pagkatapos niyang pabalikin, sinabi, “Hindi, hindi ako naniniwalang ako'y bababa. Hindi ako naniniwalang ako'y magkakaroon ng anumang kinalaman sa kanila. Ako'y hindi makikipagtalo sa kanila na mga tao, ‘pagka't nangyaring nang sinabi ng Dios sa akin na sila'y ang Kaniyang bayan, at hindi ako naniniwalang ako'y pupunta.” Kung nanatili sana siyang ganiyan!

Nguni't, sa kaloob—looban ng kaniyang puso, hindi niya sila gusto. Kita n'yo? Hindi sila kabilang sa kaniyang grupo. At anumang bagay na hindi kabilang sa kaniyang grupo, “ay hindi tama, unang—una pa lang.” Kita n'yo? At minamaliit niya sila, sinabi, “May ilang mga katakut—takot na bagay ang ginawa nilang mga tao. Tiyak na ang isang banal na Dios ay isusumpa ang isang bayang ganiyan. Sila'y, sila'y mga mangmang. Sila'y walang pinag—aralang tulad natin. Tayo'y mas matatalinong mga tao. Oh, nagpapahayag sila ng paglilingkod sa Dios, nguni't, tingnan sila, ano sila? Isang pulutong ng, aba, isang pulutong ng mga alipin, mga mangpuputik, na ang mga taga Ehipto ay nawalan doon. Aba, ang Dios ay hindi kailanman magkakaroon ng anumang kinalaman sa isang maruming pulutong na tulad niyan!”

<sup>124</sup> Siya'y nabigong makita yaong hinampas na Bato at yaong tansong serpiyente, yaong Haliging Apoy. Kaniyang sinubukang hatulan sila mula sa isang moral na pananaw. Kaniyang nabigong makita ang mas mataas na pagtawag ng Dios. Sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng paghirang, sila'y nasa hanay na yaon, at kasama ang Salita ng Dios. At noong ninais niyang isumpa sila, sinabi ng Dios, “Huwag mong gagawin ito. Sila'y Akin. Pabayaon mo sila. Huwag mongagalawin sila.”

<sup>125</sup> Ngayon, kaya ang tao'y tumalikod, bumalik. Ngayon masdan ang kaniyang maka—denominasyong mga punong—himpilan, gayon man, nang siya'y bumalik. Sila'y nagpadala ng isang mas maimpluwensiyang grupo. Sa pagkakataong ito marahil sila'y ilang, sa halip na karaniwang miyembro lamang, sila marahil ay mga doktor ng dibinidad na dumating sa pagkakataong ito. Sila marahil ay mga obispo, o marahil mga presbiteryano

ng estado, para sa lahat. . . Siya'y nagpadala ng isang—isang—isang mas mahusay na grupo, at isang—isang medyo mas maimpluwensiyang grupo, isang tao na may mas mahusay na pinag—aralan at may kakayahang makapagpaliwanag sa kaniya ng plano nang mas mahusay, kayang gawin itong makatuwiran.

<sup>126</sup> Kita n'yo, ganiyan ang ginawa ni Cain; nangatuwiran siya. Ganiyan ang ginawa ni Core; nangatuwiran siya. Ito'y hindi siya ang nangangatuwiran.

“Ating iniwawaksi ang mga pangangatwiran.” Ating sinasampalatayanan ang Dios, kahit na ano pa ang sabihin ng iba. Tayo'y sumasampalataya sa Dios. Hindi tayo nangangatuwiran sa sinasabi ng Dios. Hindi kayo maaring makipangatuwiran Dito. Kailangang tanggapin ninyo Ito sa pamamagitan ng pananampalataya. At anumang nalalaman n'yo, hindi n'yo na kailangan pang mangatuwiran. Hindi ko alam kung paano Niya ginagawa ito; sumasampalataya na lang ako na ginagawa Niya ito. Hindi ko alam kung paano Niya tutuparin ang pangakong iyan; subali't sinabi Niyang gagawin Niya ito. Sinasampalatayanan ko ito. Tinatanggap ko ito sa batayan na pinaniniwalaan ko na ito'y ang Salita ng Dios.

Sasabihin mo, “Buweno, hindi ka makalalampas diyan.” Hindi ko alam kung paanong ako'y makalalampas dito, nguni't Kaniyang sinabi, “Sabihin ito.”

Aking naaalala ang aking Baptist na pastor ay nagsabi sa akin, sabi, “Aba, Billy, mangangaral ka sa mga haligi sa bahay—sambahan. Aba, sa palagay mo may sinumang makikinig sa isang bagay na tulad nayan?”

Aking sinabi, “Sinabi ng Dios na gayon nga.”

“Papaano mo magagawa, na taglay ang ika—pitong baitang na pinag—aralan, mananalangin para sa mga hari, at mangangaral sa buong mundo?”

<sup>127</sup> Aking sinabi, “Hindi ko alam kung paano ko gagawin ito, nguni't, sinabi Niyang gayon nga, at iyo'y sadyang sapat na para sa akin.” Kita n'yo? “Sinabi Niyang gayon nga. Hindi ko alam kung paano ito maisasagawa.”

Kaniyang sinabi, “Sa palagay mo kaya ang mga tao sa itong tanyag, edukadong mundo na iyong kakaharapin, sa paksang ito ng Banal na pagpapagaling at iba pa, sa palagay mo kaya ay paniniwalaan nila iyan?”

<sup>128</sup> Aking sinabi, “Hindi para sa akin na malaman kung paniniwalaan nila Ito o hindi.” Aking sinabi, “Ang tungkulin ko ay ipangaral Ito. Iyan ang sinabi Niya sa akin. Sinabi Niyang sasamahan Niya ako, at sinabi Niya sa akin kung ano ang gagawin nito.”

At ito'y nangyari nang tamang—tama kung ano ang Kaniyang sinabing gagawin nito. “Una, hawakan ang kanilang

mga kamay; pagkatapos mangyayaring malalaman mo maging ang lihim ng kanilang puso.” At sinabi ko sa inyo ang tungkol dito, at nangyari ito sa ganoong paraan. Paano nito ginagawa ito? Hindi ko pa rin alam kung paano nito ginagawa ito. Hindi ko na dapat alamin kung paanong ito’y isinagawa; ito’y basta nagawa.

<sup>129</sup> Sino ang makapagpapaliwanag nang sabihin ng Dios kay Elias, “Umakyat ka roon at maupo sa bundok, at Aking pakakainin ka. Aking inatasan ang—ang mga uwak na pakainin ka”? Papaano makakakuha ang uwak ng isang hiwa ng tinapay at isang piraso—isang piraso ng isda, na luto, at madadala ito sa propeta? Iya’y lampas sa anumang bagay na kaya kong ipaliwanag. Sa palagay ko ay hindi n’yo rin magagawa, o walang sinumang makagagawa. Subali’t ginawa Niya ito. Iyon lang ang kailangan. Kaniyang ginawa ito, at iyan ang katotohanan nito.

Paano Niya ginawa ito, hindi ko alam; wala na akong kinalaman pa rito. Subali’t ginawa Niya ito. Kung papaano Niya ginawa ang mundo, hindi ko alam; nguni’t ginawa Niya ito. Paano Niya ipinadala ang Kaniyang Anak, hindi ko alam; nguni’t ginawa Niya ito. Paano Siya nagbangon mula sa mga patay, hindi ko alam; nguni’t ginawa Niya ito. Paano Niya ako iniligtas? Hindi ko alam; nguni’t ginawa Niya ito. Iya’y tama. Paano ka Niya iniligtas? Hindi ko masasabi sa inyo; nguni’t ginawa Niya ito. Paano Niya ako pinagaling? Hindi ko alam; nguni’t ginawa Niya ito. Kaniyang ipinangakong gagawin Niya ito, at Kaniyang tinutupad ang Kaniyang Salita.

Ngayon, dapat alam iyan ni Balaam, at mas alam nga niya.

<sup>130</sup> Pansinin, itong mas mahusay, maimpluwensiyang grupo, dumating, at anong higit na mahusay? Sila’y may mas magagandang kaloob. At hindi lang iyan, kanilang mabibigyan siya ng mas maraming salapi, at magagawa nila, inalok siya ng isang mas mataas na katungkulan. “Ngayon, bukod pa sa pagiging isang pangkaraniwang ministro sa organisasyon, gagawin ka naming tagapamahala ng distrito. Kita n’yo? Iyan, aming—aming gagawin ang isang bagay para sa iyo kung iyo lamang itataboy yaong grupo ng mga tao paalis roon, kita mo, at pahihintuin iyan.” Oh, kanilang inalok siya ng isang mataas na katungkulan. Sinabi, “Habang lalo mong pinagpapala...” Sinabi, “Alam mo, kaya kong itaas ang katungkulan mo.” Tingnan kung saan niya kinukuha ang kaniyang mga pananalita, sa pangulo ng bansa.

<sup>131</sup> Saan kinukuha ni Moises ang kaniyang mga Salita? Sa Hari ng Langit. Ang Isa ay ang Salita ng pangako ng Dios, “Aking dadalhin ka sa lupang pangako, at walang taong tatayo laban sa iyo. Ako’y magpapadala ng mga putakti sa harapan mo at itataboy sila, mula sa kanan at kaliwa. At mapapasa iyo ang lupain. Ako’y nanga-...Akin nang ibinigay ito sa iyo. Sige,



kunin ito, angkinin ito; ito’y sa iyo.” At ngayon, kita n’yo, iyon ay ang Siyang pinakikinggan ni Moises. At ang taong ito ay nakikinig hanggang sa dumating sa isang bagay sa kaniyang sariling puso na kaniyang kinaiinggitan, at kaya pagkatapos pumunta siya sa pinuno ng kaniyang iglesya. Kita n’yo?

<sup>132</sup> Pansinin, isang mas magandang katungkulan. Kaniyang sinabi, “Alam mo bang ako’y may kakayahang itaas ka ng tungkulin? Ilalagay kita sa isang mas magandang katungkulan. Mas marami pa akong gagawin para sa iyo. Aking itataas ang iyong sahod. Bibigyan kita ng mas mataas na suweldo.” At nang maialok niya sa kaniya ang lahat ng ito, binulag siya nito.

<sup>133</sup> Ilang mga Balaam ang mayroon sa mundo sa araw na ito, na, sa pamamagitan ng mas mataas na katungkulan, isang mas mainam na iglesya, isang pangako ng isang bagay! Kapag ang isang tao ay nabuksan ang kaniyang mga mata sa Salita at sa mga gawa ng Dios . . . At ang mabuting taong yaon, na may impluwensiya, ay magpapasimula bilang isang lingkod ng Dios, at siya’y humahawak ng isang mainam na kongregasyon. Pagkaraan ng ilang panahon, ang bautismo ng Espiritu Santo ay maipahayag sa kaniya; ang bautismo sa Pangalan ni Jesus ay maipahayag sa kaniya, na isang Kasulatan at ang tanging paraang ayon sa Kasulatan sa pagbabautismo. At kapag ito’y ipinahayag sa kaniya, at nabatid ng denominasyon na mawawala na siya sa kanila kapag inumpisahan niya iyon, kanilang iaalok sa kaniya ang isang mas mataas na katungkulan at isang pagbabago sa iglesya. Kita n’yo, lumang Balaamismo, muli, katulad na katulad ito sa pasimula.

<sup>134</sup> Ngayon, ang taong iyon na bumabasa ng Bibliang yaon, hindi niya mababasa Ito malibang makita niya na iyan ang Katotohanan. Walang sinumang nabautismuhan kailanman na ginamit ang mga titulong “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Ito’y isang Katolikong kredo at hindi isang Doktrina ng Biblia. Walang tao sa Biblia na binautismuhan kailanman, o tatlong daang taon matapos ang pagkamatay ng huling apostol, na hindi binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang iglesyang Katoliko ang nagsimula niyan, at ang iba sa kanila ay sumunod dito. At sinumang ministro na nakatuon sa kaniyang pag-aaral at titingin doon, ay nalalamang iyon ang Katotohanan. Subali’t, para sa katanyagan, upang mapanatili ang kaniyang tungkulin, mas inisip mapaayon sa mga tao, siya’y gumigitna.

“Buweno,” sasabihin mo, “Pinagpala siya ng Dios.”

<sup>135</sup> Tootoo. Ang ilan sa kanila ay may mga kaloob ng pagpapagalang, ang ilan sa kanila ay may mga malalaking kilusan. At iyan ang bumabalakid sa kanila, at kanilang nakukuha ang siya ring kasagutan mula sa Salita ng Dios na iyong makukuha o ng sino pa mang tao. Ang Dios ay hindi nagbabago. Kita n’yo ang ibig kong sabihin?

<sup>136</sup> Si Balaam, para sa isang mas mataas na katungkulan, siya'y nag-isip. Ngayon tingnan, noong yaong mas mahusay na grupo ay bumalik, ang tamang. . . Si Balaam, dito, kumuha ng isang may—panlilinlang na teksto. Kita n'yo? Kaniyang sinabi. . . Ang—ang mas mahusay na grupo ay bumalik, kaniya—kaniyang dapat na sinabi, “Lumayo kayo sa aking harapan! Sinabi ko na sa inyo ang Salita ng Dios. Magsialis kayo! Ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Nguni't, nakita n'yo, ang mga kaloob, at upang maging mas sikat na tao!

<sup>137</sup> Oh, gaanong kagusto nilang gawin ito! “Ipadadala ka namin sa buong mundo. Bibigyan ka namin ng isang natatanging eroplano. Aming itataguyod ang inyong mga pagtitipon saanman kung kayo lamang ay. . .” Oh, hindi. Uh—huh. Kita n'yo?

Nalalaman namin kung ano ang sinasabi ng Salita. Nalalaman namin kung ano ang sinabi ng Dios. Kami'y mananatili riyan, sa tulong ng Dios. Kita n'yo? Maging anumang uri ng isang pangako, at gaano pang halaga ang maibabayad mo, at ilan pang *ganito*, *ganiyan*, o *iba* pa na iyong—iyong maidudulot; gusto namin ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at kung ano ang Kaniyang naunang sinabi *Rito*.

“Buweno, ang sabi ng iglesia, ‘Iya'y pumapangalawa lamang.’”

Nais namin kung ano ang sinabi ng Dios sa pasimula. “At anumang bagay na idinagdag Dito o inalis mula Rito, kahit ang iyong pangalan ay aalisin sa Aklat ng Buhay; ang magdagdag ng isang salita Rito, o mag—alis ng isang Salita mula Rito.” Nais namin kung ano ang Kaniyang sinabi; hindi ng kung ano ang sinabi ng iglesia, kung ano ang sinabi ni Doktor Jones, kung ano ang sinabi ng iba pa. Nais namin kung ano ang sinabi ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung ano ang sinabi ng Salita.

<sup>138</sup> Subali't ngayon nalaman nating si Balaam, isang lingkod ng Dios. At marami sa mga taong yaon ang nag—umpisa, at inordenan ng Dios, at nagsasalita nga ng Salita ng Dios sa maraming mga bagay; subali't pagdating nito sa buong Katotohanan, hindi nila gagawin ito.

<sup>139</sup> Pansinin dito, bilang isang propeta ng Dios, hindi siya dapat napasilo sa ganiyang uring grupo, sa pasimula pa. Hindi siya dapat sumama sa kanila. Subali't, masdan, alang—alang sa katanyagan, kita n'yo, alang—alang sa kaniyang budhi, kaniyang sinabi, “Buweno, manatili buong gabi, at susubukan kong muli.” Kita n'yo, “Susubukan kong muli”? Para ano pang gusto mong subukang muli?

<sup>140</sup> Sinabi na sa kaniya ng Dios kung ano ang sasabihin. Sinabi ng Dios, “Sabihin sa kanilang ika'y hindi sasama.” Iyan ang Kaniyang orihinal na Salita. “Ako'y hindi sasama. ‘At huwag kang pupunta. Huwag mong isusumpa ang aking pinagpala.’”

Ngayon masdan kung paano ito bumalik sa kaniya, pagkaraan ng maikling panahon. Kita n'yo? At ito nga'y babalik, palagi. Kapag nagsabi ang Dios ng anuman, totoo ito sa Kaniya. Hindi Niya binabago ang Kaniyang kaisipan tungkol dito. Siya'y nananatili mismo sa Kaniyang Salita. Kahit ano pa ang sinasabi ng iba, Siya'y nananatili mismo sa Salitang iyon.

<sup>141</sup> Ngayon, dapat alam na ni Balaam ang mas makabubuti. Kaniya nang dapat ibinukod ang kaniyang sarili sa ganiyang samahan. Lahat silang magagandang regalo at ang pangako ng haring ito, sinabi, "Alam mong magagawa ko ito. Ako ang obispo. Sadyang aking magagawa anuman ang gustuhin ko, at itataas ko ang tungkulin mo kung gagawin mo ito para sa akin."

At nangyari nang sinabi ng Dios sa kaniya, "Huwag mong gawin ito."

<sup>142</sup> Subali't sinabi pa rin ni Balaam, "Kayo, manatili kayo buong gabi, at aking—aking susubukang muli."

Kita n'yo, nasa kaniya ang Salita. Hindi mo na kailangan pang makipagtalo tungkol Dito. Nangyaring sinabi na ito ng Dios. Sa isang grupong tulad niyan, kanilang lagi kang hihikayat in palabas sa kalooban ng Dios, kung hahayaan mo sila.

<sup>143</sup> May isang grupong lumapit sa isang propeta, minsan, na nagngangalang Job. Hindi nila siya mahikayat. Nakita niya ang pangitain. Alam niya kung ano ang tama.

Nakita ni Balaam ang pangitain, at hindi pa rin siya nanatili Rito.

<sup>144</sup> Kahit gaano pa karami ang sinasabi ng mga grupo ng kaniyang iglesya, "Oh, Job, kailangan mong gawin *ito*, kailangan mong gawin *inyan*." Kahit ang kaniyang asawa, kaniyang sinabi, "Nagsasalita kang tulad sa isang taong mangmang." Kita n'yo? "Alam ko kung ano ang sinabi ng Panginoon. Alam ko kung ano ang Kaniyang iniutos, at iyan ang aking ginawa." Kita n'yo, nanatili siya sa sinabi ng Dios sa kaniya.

<sup>145</sup> Pansinin, si Balaam na ginagamit ang may—panlililang na teksto na ito para sa kaniyang budhi. Kita n'yo? Kaniyang sinabi, "Buweno, aking—aking aalamin. Susubukan kong muli." Ngayon, diyan ay kung saan ka pupunta, sa pumapangalawa. Ilang mga Balaam ang mayroon tayo sa gabing ito, na gustong—gustong gamitin iyang may—panlililang na teksto ng Mateo 28:19 para lang sa kapakanan ng kanilang mga budhi? Ilan ang nagnanais gamitin ang Malakias 4 para sa kapakanan ng kanilang budhi? Ilan ang nagnanais gamitin ang Lucas 17:30 para lang sa kapakanan ng budhi? Ilan ang nagnanais na gamitin ang mga bagay na ito, gayunman, "Buweno, sasabihin ko sa inyo, ako—ako'y naniniwalang silang lahat ay nalilito Riyang?"

<sup>146</sup> At pagkatapos narito si Balaam na sinisikap sabihin, “Marahil siguro ang Dios ay nalito. Aking susubukang muli, kita n’yo, titingnan kung ano ang Kaniyang sinabi.” Ngayon, alam Niya ang iyong puso. Pansinin, ginamit ni Balaam ang may—panlilinlang na tekstong ito para sa kapakanan ng kaniyang sariling budhi, sapagka’t, sa totoo, gusto niya ng salaping iyon. Gusto niya yaong pagiging mataas na tao. Gusto niya iyon. Gusto niya ang trabahong iyon. Gusto niya ng katungkulang iyon, upang tingalain, bilang Doktor *Ganito—at—ganoon*. Kaya kaniyang—kaniyang—kaniyang sinabi, “Susubukan kong muli.”

<sup>147</sup> Oh, sa mga Balaam sa mundo sa gabing ito, ipinangakong mga katungkulan, katanyagan! Naku, oh, naku! Kanilang pinamamanhid ang kanilang mga budhi sa pamamagitan nila. Dahil sa kanilang mga denominasyon, kanilang sinasabi, “Kung gagawin mo *iyang*, paaalisin ka. Alam kong ika’y isang mabuting tao, at minamahal ka namin,” at siya nga’y isang mabuting tao, “minamahal ka namin. Nguni’t hindi mo pwedeng ipangaral iyan. Ang ating—ating doktrina ay nagsasabing hindi mo puwedeng gawin iyan. Sinabi ni Doktor *Ganito—at—ganoon* na ganito ito. Ngayon kailangang paniwalaan mo ito sa ganitong paraan, kung mananatili ka kasama namin. Ngayon, kung nais mo, alam kong nahirapan ka, buweno, titingnan ko kung hindi kita maitataas ng katungkulan, siguro magpapalit ng mga simbahan.” Oh, ikaw na Balaam! Kapag nalaman mo ang kalooban ng Dios, gawin mo ito! Hindi babaguhin ng Dios ang Kaniyang kaisipan. Hindi.

<sup>148</sup> Isang bagay na Kaniyang malalampasan, ang Katotohanan, para sa iniatas sa kaniya. Kaniyang sinabi, “Buweno, aking—aking susubukang muli.” Pansinin yaong mga Balaam.

<sup>149</sup> Kaya ngayon alalahanin, noong dumating siya sa pangalawang gabi, kasama ng mga tanyag na taong ito, ang kaniyang budhi ay pumurot at namanhid na, hinayaan na siya ng Dios. Ngayon, hindi binago ng Dios ang Kaniyang kaisipan, kundi ibinigay Niya sa kaniya ang Kaniyang ipinahintulot na kalooban. “Ipagpatuloy mo kung gayon.” Nguni’t nalaman niya na ito’y hindi uobra.

<sup>150</sup> Batid ng Dios kung ano ang nasa puso ni Balaam. Bagama’t siya’y isang propeta, batid Niya na kinasuklaman niya silang mga nagbabanal—banalan, at siya—at kaniya lamang. . . kaniyang—kaniyang gugustuhing isumpa sila, paano man. At nangyarin nang sinabi sa kaniya ng Dios na huwag gawin ito, subali’t dumating pa rin siya, gustong gawin ito, muli, kaya hinayaan siya ng Dios na magpatuloy. Sinabi ng Dios, “Ipagpatuloy mo.” Ngayon, tandaan, hindi Niya binago ang Kaniyang kaisipan.

<sup>151</sup> Pansinin, kaniyang hangarin ito na isumpa sila. Ang mga taong inuri niyang mga panatiko, gusto niyang isumpa

sila. Gusto niya ng isang katungkulan. Hindi niya nais na makipaglokohan sa kanila, kaya inisip niyang kung magagawa niya ang maliit na gampaning ito para sa hari, kung gayon itataas siya ng katungkulan. Hindi kailanman binago ng Dios ang Kaniyang kaisipan o ang Kaniyang Salita.

Subali't ibibigay Niya sa iyo ang hangarin ng kaniyang puso, ng iyong puso. Ipinangako Niya iyan. Alam ba ninyo iyon? Ipinangako Niyang ibibigay sa iyo ang hangarin ng iyong puso. At hayaang ang iyong hangarin ay maging ang Salita ng Dios. Hayaan ang iyong hangarin na maging Kaniyang kalooban, hindi ang iyong sariling kalooban. Ang Kaniyang kalooban! Kung Siya. . . Humiling ka sa Kaniya ng isang bagay, hindi Niya ibinigay ito sa iyo, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Alam mo kung anong mabuti."

<sup>152</sup> Tingnan maging si Haring Hezekias, nang Kaniyang isinugo ang propetang iyon doon sa kaniya, ginawa ng Dios, at sinabi, "Ayusin mo ang iyong bahay. Ika'y mamamatay."

Ipinihit ni Hezekias ang kaniyang mukha sa pader at nanangis nang husto, at nagsabi, "Panginoong Dios, aking—aking hinihiling na kilalanin Mo ako. Ako'y lumakad sa harapan Mo nang may sakdal na puso. Nais ko na Iyong pahintulutan akong mabuhay ng mga labinlimang taon pa."

<sup>153</sup> "Sige." Ang Dios ay nangusap sa propeta, nagsabi, "Bumalik ka at sabihin sa kaniyang narinig Ko siya."

At ano ang kaniyang ginawa? Siya'y nagdala ng kahihiyang sa buong bansa. Kaniyang pinag—alab ang galit ng Dios hanggang sa muntik na Niya siyang patayin. Iya'y tama. Alam ninyo iyan. Tumalikod sa Dios. Ito sana'y malayong mas may kapakinabangan, lalo pa, bansa, hari, at lahat na, kung siya'y nagpatuloy at tinanggap ang unang bagay ng Dios sa kaniya.

Subali't ito'y mukhang mahirap sa propeta, noong ang propeta ay kainilangang bumalik at ipangusap ang Salita ng Dios sa kaniya, pagkatapos niyang nasabi na sa kaniya. Subali't sinabi ng Dios, "Ipagpatuloy mo." Nguni't, nakita n'yo, nagdala ito ng isang kahihiyang.

<sup>154</sup> Ano ang ginawa ni Balaam? Pagkatapos na malaman ang kalooban ng Dios, at mapilit pa rin siya, kaniyang gagawin ito, ganoon pa man. At ano ang ginawa nito? Pansinin. Hindi Niya kailanman binago ang Kaniyang kaisipan. Kaniyang nalalaman kung ano ang nasa kaniyang puso.

<sup>155</sup> Alam n'yo, si Tomas, minsan sadyang hindi niya mapaniwalaan ito. Hindi, kaniyang—kaniyang sinabi, "Hindi, hindi ko mapaniniwalaan iyan. Kung mailalagay ko ang aking mga kamay at maipasok ito sa Kaniyang tagiliran, mailalagay ito sa mga pinagpakuan sa Kaniyang kamay, buweno, kung gayon, kung gayon aking—aking paniniwalaan ito kung gayon."

Kaniyang sinabi, “Halika rito, Tomas. Kita mo? Ngayon ipasok mo ang iyong mga kamay rito.”

Ngayon, oh, sinabi ni Tomas ngayon, “Ito ang aking Panginoon at aking Dios.”

<sup>156</sup> Sinabi, “Oo, nakita mo, at ngayon pinaniwalaan mo ito. Gaanong mas higit ang kanilang gantimpala, sa hindi nakakita gayon ma’y sumampalataya pa rin!”

Ang mga tao minsan ay ayaw tanggapin ang Espiritu Santo maliban na sila’y makapagsasalita ng iba’t—ibang wika. Ako’y naniniwala sa pagsasalita ng iba’t—ibang wika, totoo. Siya’y isang mabuting Dios; Kaniyang ipagkakaloob ang nasa ng iyong puso. Subali’t kahit gaano ka pang magsalita ng iba’t—ibang wika, at tinatanggihan ang Salitang ito, ika’y mali pa rin. Kita n’yo? Kita n’yo, hindi ka makapapasok sa pamamagitan ng pagsasalita ng iba’t—ibang wika. Makapapasok ka sa pamamagitan ng pagtupad sa bawa’t Salita. Iyan ang patunay ng Espiritu Santo, kapag iyong sinampalatayanan ang Salita ng Dios. Kita n’yo?

<sup>157</sup> Ako’y naniniwala sa pagsasalita ng iba’t—ibang wika. Ako’y naniniwalang kayo’y magiging, tulad ng aking sinabi kaninang umaga, hanggang sa kayo’y makapagsalita ng isang bagong wika. Akin nang naranasan, mismo, at nalalaman kong ito ang Katotohanan. Alam kong ito’y totoo. Subali’t ’yan ay hindi ang tanda, ikaw, na ikaw ang piniling anak ng Dios. Kita n’yo? Hindi, talaga. Hindi niya kailanman sinabi. . .

“Marami ang mangagsisilapit sa Akin at mangagsasabi, ‘Panginoon, hindi baga nanghula ako at gumawa ng lahat ng mga gawang makapangyarihan sa Iyong Pangalan?’ Kaniyang sasabihin, ‘Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan, kailanma’y hindi ko kayo nangakikilala.’”

<sup>158</sup> Kayo’y nangagsasalita ng iba’t—ibang wika at pagkatapos ay tumatangging mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo? May mali kung saan. Oo, totoo; alinman sa mga bagay na yaon, alinman sa mga kautusang iyon na ibinigay ng Dios. Mayroong mali. Saliksikin lamang ang inyong sariling budhi, at tingnan kung ano—kung ano ang sinabi ng Biblia. Ipakita sa akin ang ilang dako kung saan may isang taong nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Kita n’yo? Ito’y wala roon. Nguni’t, nakita n’yo, minsan para sa kapakanan ng iyong budhi, sasabihin n’yo, “Buweno. . .”

Sasabihin n’yo, “Ang Dios ay nangungusap sa mga kababaihan tungkol sa kung paano ang kanilang gagawin, huwag magsusuot ng syorts at iba pa, nguni’t, alam n’yo, sinabi ng pastor. . .” Kaya kanilang pinipili ang madaling paraan.

<sup>159</sup> Alam nila kung ano ang sinabi ng Dios Dito patungkol dito. Kita n’yo? Tootoo, sinabi ng Dios na ganiyan nga.

Kaya sila—sila—nais nilang gawin ito, ganoon pa man, kita n'yo. Sinisikap nilang humanap ng maidadahilan. “Buweno, sa palagay ko ito’y higit na mabuti. Ito’y—ito’y hindi . . . Ang hangin ay hindi umiihip . . .” Oo.

Datapuwa’t sinabi ng Dios para sa isang lalaki na magdamit ng iba kaysa sa isang babae. “Kung ang isang babae ay magsuot ng kasuotang panlalaki, ito’y kasuklam—suklam sa Kaniyang paningin.” Kaya ito’y hindi tama, oo, at hindi ninyo dapat gawin ito. Hindi. Kita n’yo? Kaya, samakatuwid, ito’y mali.

<sup>160</sup> Nguni’t, nakita n’yo, sila’y nagsisikap na humanap ng maidadahilan, na, “Sinabi ng Panginoon sa akin na gawin ito.” Hindi ko sinasabing hindi Niya sinabi, nguni’t, tingnan, hindi ito ang Kaniyang sakdal na kalooban. Ito nga’y ang Kaniyang ipinahintulot na kalooban. Kita ninyo kung ano ang gagawin nito? Dudumihan nito ang buong langkay. Dinumihan nito ang lahat ng kampakamento.

<sup>161</sup> Pansinin dito, hindi kailanman binago ng Dios ang Kaniyang kaisipan, ang Kaniyang Salita. Nguni’t Siya ay isang mabuting Dios, at Kaniyang ibibigay sa iyo ang nasa ng iyong puso, bagama’t taliwas ito sa Kaniyang kalooban. Pinaniniwalaan ba ninyo iyan?

Tingnan, sinabi ng Dios kay Moises, “Pumunta ka roon,” ang pinahirang propetang ito. Sinabi, “Pumunta ka roon at mangusap sa batong iyon.” Ito’y nahampas na.

<sup>162</sup> Si Moises ay pumaroon sa kaniyang pagkagalit, dinampot ang tungkod, at nagsabi, “Kayong mga mapanghimagsik, dapat pa bang ikuha namin kayo ng tubig mula sa batong ito?” at hinampas ang bato. Ang tubig ay hindi lumabas. Kaniyang hinampas itong muli; ito’y lumabas. Ito’y taliwas sa kalooban ng Dios. Sinira nito ang bawa’t plano sa Biblia; si Cristo ay kinailangang hampasin sa ikalawang pagkakataon. Kita n’yo? Si Cristo ay hinampas nang minsan. Sinira nito ang buong plano. Nguni’t Kaniyang binigyan siya ng Kaniyang ipinahintulot na kalooban. Gayunman, pagkatapos, kaniyang sinabi, “Kita n’yo, aming nakuha ang tubig para sa inyo. Oo, dinala ko ito para sa inyo, kayong pulutong ng mga mapanghimagsik!”

<sup>163</sup> Sinabi ng Dios, “Halika rito, Moises. Halika rito. Umakyat ka rito sa tuktok . . . Ika’y naging isang matapat na lingkod.” (Tulad sa babaeng may matataas na takong, “Umakyat ka,” kita n’yo.) “Tumingin ka sa dako roon. Nakikita mo ba ang lupang pangako?”

“O Panginoon!”

“Nguni’t ika’y hindi makapapasok doon. Pinili mo ang Aking ipinahintulot na kalooban, sa baba rito sa Bato. Iyong niluwalhati ang iyong sarili, kita mo, at hindi Ako. Iyong pinabanal ang iyong sarili. Hindi mo Ako pinabanal. Hindi mo

sinusunod ang Aking orihinal na Salita, kung ano ang Aking sinabing gagawin mo.” Gayunman, lumabas nga ang tubig.

Inyong maipapatong ang mga kamay sa maysakit at gagaling sila. Kayo’y makapagpropesiya, o makapagsasalita ng iba’t—ibang wika. Nguni’t, ang mahalaga ay, sundin ang Kaniyang orihinal na Salita! Hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan, kaibigan. Kailangan mong tupdin ang Kaniyang kautusan, ang Kaniyang kalooban.

“Oh, buweno, ’yon ay para sa mga alagad.”

<sup>164</sup> Siya’y hindi nagbabago. Kung Siya’y mayroon pa ring alagad, iyo’y ganoon ding kautusan. “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na sumasampalataya.” Ito’y hindi kailanman nagbago. Hindi Siya maaaring magbago.

Ngayon, masasabi mo, “Buweno, sasabihin ko sa iyo, hindi ito para sa araw na ito.” Oh, ikaw na Balaamita! Nakita n’yo? Kita n’yo, ang Dios ay hindi nagbabago. Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>165</sup> Tingnan lamang ang mga Balaamita sa panahon ngayon. “Oh, alam ko, sa Biblia nagbabautismo sila sa Pangalan ni Jesus’, nguni’t, tingnan, lahat ng mga tao . . .”

Wala akong pakialam kung ano ang ginawa ng mga tao. “Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao para ikaligtas.” “Walang pagpapatawad ng kasalanan, tanging sa Pangalan lamang ni Jesus Cristo.” Ano, kung gaano ka kabuti, kung ano ang iyong ginagawa, walang isa mang kinalaman iyan dito. Ito’y ang orihinal na Salita ng Dios; kailangan mong manatili Riyan. Whew! Buweno.

<sup>166</sup> “Ang pagsunod sa Kaniyang Salita ay maigi kaysa hain.” Naaalala ba ninyo ang panahong iyon nang magbalik si Saul.

<sup>167</sup> Si Balaam ay may isang kaloob ng pananampalataya at nagamit sana ito sa sakdal, orihinal na Salita ng Dios.

Maraming mga tao sa larangan sa panahon ngayon, na may mga kaloob ng pagpapagaling, makagagawa ng ganoon ding bagay. Maraming mga taong naririto, mga taong nagsasalita ng iba’t ibang wika, mga taong nagpropesiya, isang kaloob, magagamit ito para sa Kaharian ng Dios, subali’t hindi nila ginagawa ito. Kanilang kinukuha . . . At pinagpapala sila ng Dios, ganoon pa man, pinipili ang ipinahintulot na kalooban. Nguni’t para sa katanyagan, at mga kasiyahan, mga pansariling kapakinabangan, ipinagbili ang kanilang mga karapatan sa pagkapanganay, tulad ng ginawa ni Esau, kita n’yo, ipinagbili sa isang organisasyon. Ipinagbili, tulad ng ginawa ni Balaam. Kita n’yo?

Napakarami ang gumagawa sa araw na ito ng ganoon ding bagay. Nalalaman nating iya’y tama. Kanilang ipinagbibili



ang kanilang karapatan sa pagkapanganay. Huh! Kababaihang nag—aangkin ng Espiritu Santo, nagsusuot ng syorts; mga kalalakahang pinapayagan sila sa mga pulpito, kababaihang maiikli ang buhok sa mga pulpito; may pinta sa kanilang mukha, na may suot na panrelihiyong kasuotan. Ang pinakamalaking katitising mayroon ang iglesya.

<sup>168</sup> Kung nais n'yong malaman, sa mga pampulitikang kapangyarihan, kung anong oras ito sa kapanahunan ng kaharian, tingnan kung nasasaan ang mga Hudyo. Masdan kung papaano ang mga Hudyo, sapagka't sila'y isang bansa. Kung nais ninyong malaman kung saan nakatayo ang mga bansa, pagmasdan ang mga Hudyo.

Kung nais n'yong malaman kung saan nakatayo ang iglesya, pagmasdan ang kababaihan. Pagmasdan ang mga ugali sa gitna ng kababaihan, 'pagka't siya'y isang kumakatawan sa iglesya. Kapag nakita n'yo ang karumihan sa gitna ng kababaihan, masusumpungan n'yo ang karumihan sa iglesya. Kung ano ang kaniyang kinahinatnan, isang pinintahang Jezebel, ganoong—ganoon ang naging kalalagayan sa iglesya. Kita n'yo? Ngayon, iyan ang katotohanan, at alam n'yo iyan. Kita n'yo? Kung nais ninyong malaman kung nasasaan ang iglesya, pagmasdan ang mga ugali sa gitna ng inyong kababaihan. Sapagka't, siya ay, ang iglesya ay isang babae.

Kung nais ninyong malaman ang pambansang kalagayan, pagmasdan ang mga Hudyo.

<sup>169</sup> Pansinin, bilang sinabi ng Dios kay Balaam, pagkatapos niyang marinig ang tiyak na kapasiyahan, ang Salita, "Huwag kang pumunta." Oo, pagkatapos Kaniyang sinabi sa kaniya, pagkatapos Niyang makita sa kaniyang—sa kaniyang puso, kung ano ang gagawin nito; Kaniyang ibinibigay sa kaniya ang Kaniyang ipinahintulot na kalooban, kaya Kaniyang sinabi, "Humayo ka."

<sup>170</sup> At magagawa mo ang ganoon ding bagay. Kung hindi mo nais na lumakad sa Katotohanan, maaari kang humayo at magkaroon—magkaroon ng isang malaking ministryo. Tiyak, magagawa mo. Nguni't pinipili mo ang Kaniyang ipinahintulot na kalooban. Ika'y lumalakad nang lampas sa Kaniyang Salita. Pasaaganain ka Niya, tiyak. Ang . . .

Tulad ng ginawa Niya kay Balaam. Siya ay nagtagumpay, subali't hindi niya maisumpa ang mga taong yaon. Hindi niya magawa ito. Sapagka't, sa tuwing uumpisahan niyang sumumpa, siya'y nagpala. Kita n'yo, hindi niya magawa ito. Subali't pagdating sa pagiging matagumpay sa kaniyang gawa, tinuruan niya ang mga taong yaon, sa pamamagitan ni Balac, na mangalunya. Kaniyang dinala ang kampakamento ng Israel at ipinakupag—asawa sila, sinabi, "Aba, tayong lahat ay iisa. Aba, kayo'y sumamba sa siya ring Dios. Kami'y may isang propeta

sa taas rito; at kayo'y may isang propeta riyon sa ibaba. At mayroon tayong iisang hain, iisang Jehova tulad ng ating mga ama. Ngayon, bakit hindi kayo lahat pumarito at makisama sa amin?"

Sinabi ng Biblia, "Huwag ninyong ihalo ang inyong sarili sa gitna ng mga hindi mananampalataya. Huwag makipamatok sa kanila, sa anumang paraan. Kung hindi nila Ito pinaniniwalaan, lumayo kayo sa kanila." Kita n'yo? "Lumabas kayo, humiwalay," sabi ng Panginoon, "at tatanggapin Ko kayo." Kita n'yo? "Huwag hipuin ang kanilang maruruming mga bagay." Iya'y tama. Ang kanilang karumihan laban sa Salita, at mga bagay na tulad niyan, lumayo kayo rito. Huwag makikinig dito.

<sup>171</sup> At dito nasusumpungan natin na si Balaam ay pumunta roon at nagsimula niyang turuan ang mga tao, at siya'y nagkaroon ng isang kamalian. At siya—siya'y napadaan sa daan ni Balaam, kung paano na kaniyang ginawa, at itinuro si Balac, at ang mga anak ng Israel ay nagkasala ng pangangalunya. At dinatnan ng salot ang bansang Israel, ang mga tao, at libo—libo sa kanila ang namatay sa loob ng isang araw.

At habang silang lahat ay naroroon, sa harapan ng dambana ng Dios, nagdarasal, narito dumating ang isang lalaking Israelita kasama ang isang Madianitang babae, isang maka—denominasyong babae, at pumasok sa tolda. At ang anak ng saserdote ay lumapit doon, at kumuha ng isang sibat at pinatay sila kapuwa. At pinigil niyaon ang galit ng Dios. Alam n'yong iyan ang Kasulatan. Tama ba iyon? Kita n'yo?

<sup>172</sup> Subali't anong nangyari? Si Balaam, nagtagumpay siya sa pagpapahina ng Israel. Ano ang kaniyang ginawa? Pinahina niya ang kanilang kampamento. Hinayaan siya ng Dios na humayo at pahinain ang kanilang kampamento, at dinumihan nito ang buong kampamento.

At kapag nagsimula ang ilang doktrina, na hindi ang Katotohanan ng Biblia, pinarurumi nito ang buong kampamento. May isang taong tatayo na may ibang kaisipan, tulad ni Core, at magsasabing, "Buweno, *ito, iyan*, at ang *iba pa*, at may iba akong kaisipan," pinarurumi nito ang buong kampamento. At iyan ang ginawa sa buong kampamento ng iglesya sa panahon ngayon. Iya'y tama.

<sup>173</sup> Pagtuturo tulad ng kaniyang ginawa, pinahihina ang buong kampamento para sa Cades—barnea, ang paghaharap ng Salita. Nang sila'y makarating sa Cades—barnea, pagkatapos, ang panghihina ng kampamento. Sila'y bumalik. Sila'y nagtungo pagkatapos na pagkatapos. . .

Alalahanin, sila'y kumain ng pagkain ng anghel. Nasa kanila ang Salita ng Dios, gabi—gabi, inihahayag. At kanilang kinakain ang pagkain. Sila'y umiinom mula sa bato. Kanila ngang lahat, nakita ang mga himala. Kanilang namasdan si Moises, at

nakita ang kaniyang salita, nakita ang kaniyang mga propesiya, lahat—lahat.

At pagkatapos sa bandang huli nang makinig sila sa bulaang tagapagturong ito, pumasok sa kanilang kalagitnaan at nagturo nang mali, pinahina niya ang kamento, at sumagana sa pamamagitan nito.

Siya marahil ay nakapagtayo ng isang milyong—dolyar na mga gusali. Siya marahil ay nagkaroon ng malalaking denominasyon. Siya marahil ay nagdagdag ng libo—libong tiglibo, at gumawa ng mga dakilang gawa, at makapangyarihang mga gawa, at isang propeta. Iya’y mabuti, nguni’t, hanggat ito’y hindi ayon sa Salita ng Dios, mas mabuting lumayo ka rito.

Hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan. Manatili mismo sa Kaniyang Salita, ‘pagkat iyon ang lilitaw sa dakong huli, ang Salita, Salita sa Salita. “Sinumang mag—alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito!” Ito’y dapat manatili, ang Salitang iyon.

<sup>174</sup> Ngayon makinig nang mabuti ngayon. Nang dumating na ang subukan sa Salita, nang sila’y pumaroon at nakitang napakalaki ng kalaban, ang pinakamalaking kalaban na kanilang nakita, ang mga Amalecita ay—ay mga sampung ulit ng kanilang sukat. Kanilang sinabi, “Para kaming mga tipaklong. Ang kanilang mga pader, o ang kanilang mga lungsod ay napapaderan nang husto hanggang sa sila’y makakapagkarerahan ng karuwahe sa palibot nito, dalawang karuwahe, sinibilis ng makakaya nilang takbuhin, sa palibot ng mga pader, kita n’yo, ng kanilang mga lungsod. Aba, ang kanilang mga sibat ay napakagaling, sila’y mahahaba. At sila’y mga higante. Aba, para tayong mga tipaklong. Hindi natin magagawa ito.”

At dalawang lalaki ang tumayo sa Salitang iyon, si Caleb at Josue, sinabi, “Sandali lang! Kayong dalawang milyong tao ay tumahimik sandali lang. Kayang—kaya nating gawin ito. Kita n’yo, mas nakahihigit tayo kaysa sa kanila.”

Ano ba ang kanilang pinagbabatayan? Sinabi ng Dios, “Ibinigay ko na sa inyo ang lupain. Ito’y sa inyo.” At doon sila nanindigan. Subali’t ang mga tao ay nagsipag—asawa na, sampu ng iba pang mga bagay, at sa lahat ng uri ng mga kredo at mga ritwal sa kanilang kalagitnaan, at sila’y sadyang mahihina, walang paninindigan, hindi alam kung saan babaling at kung ano ang gagawin. Iya’y tama. Hayun ang pagsubok sa Salita.

<sup>175</sup> Gayunman, Kaniyang binibigyan ka ng pahintulot para gumawa, pahihintulutan ang iyong kagustuhan, isang ipinahintulot na kalooban, nalalaman na . . . Kung ano ang nasa iyong puso, nalalaman Niya ito.

Sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Branham, ako’y gumagawa ng *ganito*—*at—ganoon*. Hindi ito nakababagabag sa akin. Ako’y pinagpapala ng Dios araw—araw. Ako’y umaawit sa Espiritu. Ako’y sumasayaw sa Espiritu. Ako. . .” Kaniyang pahihintulutan ito. Ipagpatuloy mo. Iya’y tama. Subali’t ano ang iyong gagawin?

<sup>176</sup> “Ako’y nagsusuot ng syorts, at ako’y gumagawa *nito*. Hindi ito nakababagabag sa akin. Alam ko ang aking pananampalataya ay kay Cristo, hindi sa kung ano ang aking isinusuot.”

Nguni’t, ang Biblia ay nagsasabing may isang bagay rito. Kita n’yo? Ano’ng iyong gagawin? Ikaw ay gagawa ng isang katitisuran, tulad ng ginawa ni Balaam, sa harap ng bawa’t isa sa ibang kababaihan. Ano’ng iyong gagawin sa iyong mga kabataang babae? Magkakaroon ka ng isang pulutong na mga Rickettas, iya’y tamang—tama, isang pulutong ng mumunting pinintahang mga Jezebel. Kita n’yo?

<sup>177</sup> Subali’t ang Dios ay pasasaganain ka. “Aba, pinagpapala Niya ako.” Hindi ko pinag—aalinlanganan iyan. Pinagpala Niya si Balaam, rin. Kita n’yo? Tiyak Kaniyang gagawin. Ikaw ay lalakad sa Kaniyang ipinahintulot na kalooban, hindi sa Kaniyang sakdal na kalooban. Hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan, ‘pagka’t pinagpapala ka Niya.

Kaniyang pinagpala ang Israel doon mismo sa loob ng apatnapung taon. Ano ang kanilang ginawa? Nagsipag—asawa, nagtayo ng mga pamilya, hinalikan ang mga bata, nagbigay ng kanilang mga ikasampung bahagi, namuhay doon mismo. At ang Dios ay pinagpala sila sa ilang, pinakain sila ng manna, nang walang tigil. At bawa’t isa sa kanila ay namatay, ‘pagka’t hindi nila sinunod ang Kaniyang orihinal, ipinahintulot. . . ang Kaniyang orihinal na kalooban, ang Kaniyang Salita. Kanilang pinili ang Kaniyang ipinahintulot na kaparaanan.

<sup>178</sup> Ipagpatuloy n’yo, nguni’t, alalahanin ninyo, noong kanilang lisanin ang Cades, hindi sila nakapaglakbay nang malayo. Sila lamang ay nagpaikot—ikot, sa ilang. Kung saan, nakalabas na sana sila, sa loob ng dalawang araw pagkatapos noon, nasa lupang pangako na sana sila. Sila’y naglakbay ng apatnapung taon, at bawa’t isa sa kanila ay namatay maliban kay Josue at Caleb, silang nanatili sa orihinal na Salita.

<sup>179</sup> O Dios, tulungan kami. Hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kalooban. Hindi Niya binabago ang Kaniyang kaisipan, nguni’t Kaniyang pagpapalain ka.

Totoo, Kaniyang pinagpala si Balaam. At ano ang kaniyang ginawa roon? Kaniyang dinumihan ang buong kampamento. Kita n’yo, kailangan ninyong manatili sa kung ano ang Kaniyang sinabi. Hindi Niya kailanman binago ang Kaniyang orihinal na plano.

<sup>180</sup> Ngayon tingnan ang mga Balaam sa panahon ngayon, sa larangan, maaari ba. Tumingin lang sa paligid. Nananagana, nagsasalita ng iba't—ibang wika, tiyak, gumagamit ng kaloob ng Dios para makinabang, lahat—lahat, totoo. Nguni't dinudungisan nito ang buong iglesya ng Dios sa pamamagitan ng kanilang maling aral. Iya'y tama.

Isa ang nagsabi sa akin, kaniyang sinabi, “Para sa ano ang ginagawa mong *ito*? Para sa ano ang ginagawa mong *iyang*?”

Aking sinabi, “Hindi ka ba naniniwalang Iyan ang Katotohanan?”

<sup>181</sup> “Oh, oo. Nguni't,” kaniyang sinabi, “alam mo ba kung ano? Wala ka nang kinalaman pa diyen. Ika'y para manalangin sa maysakit. Kanilang pinaniniwalaan ka bilang isang propeta. Aba, maaari mong turuan silang mga kababaihan kung papaano, at silang mga kalalakihan, kung paano gawin *ito*, *iyang*, ang *iba* pa.”

“Paano mo sila matuturuan ng algebra gayong hindi man lang nila gustong matutunan ang kanilang ABAKADA? Huh? Huh? Paano mo sila matuturuan sila silang mga bagay—bagay gayong hindi man lang nila gustong matutunan ang kanilang panimulang aralin?” Kita n'yo? Kailangan n'yong bumalik at magsimula kung saan kayo nag—umpisa, o kung saan kayo huminto, at kunin ang bawa't Salita ng Dios.

<sup>182</sup> Tingnan lamang dito sa mga larangan sa araw na *ito*. Kung paanong si Balaam ay ikinasal sa iglesya ng Dios, ang isang patutot, ikinasal ang patutot sa iglesya ng Dios, gayon din namang itong mga bulaang tagapagturo ngayon ay nagsisikap ipabatid sa inyo. Kanilang ikakasal ang bawa't isa sa mga organisasyong *ito* at ang mga taong *ito* sa matandang patutot ng Apocalipsis 17. Ang kanilang doktrina ni Balaam ay umiikot sa panahon ngayon, at nagsasabi, “Tayo'y magkapareho lang. Tayong lahat ay mga Cristiano.” At ang mga pari at mga papa, at anupamang iba, lahat nakikipagkasundo at gumagawa nito.

<sup>183</sup> Ang mangangaral ay nagsabi. . . Maging ako'y may kakilalang isang mangangaral na Pentecostal, lahat sila, nag—umpisa nang magbigay ngayon ng isang bilog na kosher. Na nangangahulugang, *Astaroth*, ang “dios na buwan,” isang kosher na wafer. Sinasabi, “Ipikit ang inyong mga mata at kainin *ito*, kung nasasaktan nito ang inyong budhi.” Ipikit ang inyong mga mata? Isang bilog na wafer, ano ang kahulugan nito? Tayo'y kumakain ng isang pinagputol—putol na katawan, si Jesus Cristo, pinagputol—putol; hindi isang bilog na dios na buwan, *Astaroth*, na pinalitan ni Maria. At ang Romanong kosher ay bilog pa rin, para sa dios na buwan, diosa, hindi dios. Tayo'y may isang pinagputol—putol na kosher, totoo. Oh!

<sup>184</sup> Kaya ngayon ang bantog na patutot ng Apocalipsis 17, ang mga tagapagturong Balaam taglay ang kanilang maling

doktrina, ay pinakikipag—asawa ang iglesya sa ganoong uri ng kaguluhan. Masdan kapag dumating ito sa paghaharap sa huling panahon, tingnan ang kahinaan nito ngayon. Siyam na raan at pataas na iba't—ibang mga organisasyon, ang isa ay humahatak sa isang banda, at ang isa sa iba. Walang pagkakaisa sa gitna nila. At sila'y nagsisikap na dalhin ang pagkakaisa; walang pagsuporta ng Salita ng Dios, ang orihinal na plano ng Dios. Kanilang ipinapasok ito sa pamamagitan ng isang pulitika at isang organisasyon.

Hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan. Siya'y nananatili mismo sa Kaniyang Salita. Kaniyang sinabi, “Langit at lupa ay lilipas, nguni't ang Aking Salita ay hindi.” Iya'y tama. Siya'y nananatili sa Kaniyang orihinal na Salita. Oh, naku!

<sup>185</sup> Bagama't nangangatuwiran pa rin sila laban Dito, tulad ng kanilang ginawa, at basta . . . May isang bagay lamang ang dapat gawin. Hindi Niya babaguhin Ito. Sumampalataya lamang. Sapagka't, kapuwa lilipas ang langit at lupa; ang Kaniyang Salita ay hindi kailanman mabibigo. Kita n'yo?

<sup>186</sup> Nakikita ba ninyo kung kanino kayo ikinakasal? Tingnan ang pulitika at mga bagay—bagay, kung paanong kanilang sinisikap na pagsama—samahin ang iglesya sa pamamagitan ng isang pulitika sa iglesya? Hindi tayo pinakikipag—isa kay Cristo sa pamamagitan ng pulitika.

Tayo'y ipinakikipag—isa sa Iglesya, kay Cristo, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. At ang paraang nalalaman ninyo ang bautismo ng Espiritu Santo, ay 'pagka't ang Espiritung nasasa inyo ay kinikilala ang bawa't Salita ng Dios na siyang Katotohanan. Iya'y tama. “Sapagka't sinumang mag—alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay.”

<sup>187</sup> Gayunman, “Siya'y sumasagana,” sinasabi n'yo. Hindi ninyo masasampalatayanan Iyan sa pamamagitan ng kasaganaan. Hindi n'yo mahahatulan ang Dios sa pamamagitan ng kasaganaan. Ang mundo ay sumasagana. Si Balaam ay sumagana sa pamamagitan nito.

Nguni't, kapatid, iyong hatulan ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Kaniyang tinutupad ang Kaniyang Salita at kinikilalang Ito ang Katotohanan. Kaya, tandaan, kaibigan, habang nabubuhay ka, huwag na huwag mong kalilimutan ito: hindi binabago ng Dios ang Kaniyang kaisipan. Gayunpaman, Siya'y magpapala. Hahayaan ka Niyang lumakad sa Kaniyang ipinahintulot na kalooban, nguni't hindi Niya babaguhin ang Kaniyang kaisipan. Hindi Niya babaguhin ang Kaniyang plano. Hindi Niya babaguhin ang Kaniyang Salita, para sa iyo. Hindi, po.

Kailangan mong magbago. Hindi puwedeng ang Salita ng Dios ay itugma mo sa iyong karanasan; kailangan ang iyong karanasan ang tumugma sa Salita ng Dios. Kita n'yo? Iyan ang paraang kailangan mong . . .

Sasabihin mo, “Buweno, ako’y isang mabuting tao. Ang Dios gumagawa *nito*, *niyan*, o ang *iba pa*.” Nguni’t sinusunod mo ba ang Kaniyang Salita? “Oh, buweno, sinasabi ko sa iyo, hindi lang iyan . . . Hindi.” Buweno, may mali kung saan. Ang Dios ay . . . Oo, pasasaganain ka Niya. Totoo, gagawin ka Niyang . . .

<sup>188</sup> Ang mga denominasyon ay sumasagana sa mga hindi mag-aangkin nito! Pinalalawak nila ang kanilang mga tolda, ang naglalakihan, magagandang mga iglesya, at lahat na, sa buong lupain. Sila’y mayayaman, at bumubuhos ang pera, at mga miyembro mula sa lahat ng dako. Hindi ba’t sinasabi ng Biblia, “Nasumpungan sa kaniya maging ang mga kayamanan ng mundo, at maging ang mga kaluluwa ng tao,” at lahat na, na natagpuan sa matandang patutot na ito, na siyang ina ng kabuuang bagay, pulitika at organisasyon?

<sup>189</sup> Nguni’t ang maliit na grupo ng Dios ay ang Kaniyang Nobya, nakatuon sa Salitang iyan. Nawa ang minamahal na Makalangit na Ama sa tuwina ay panatilihin kayong matatag diyen. Huwag kayo kailanmang lumayo sa Salitang iyan.

Maaari kang mapagpala, maaari kang . . . Maaaring pagalingin ng Dios ang iyong may karamdaman. Maaari Niyang pagalingin ang iyong maysakit na sanggol. Maaari Niyang pagalingin ang iyong asawang lalaki, ang iyong asawang babae. Maaari Niyang pagalingin ang iyong ina, sinupaman. Maaari kang lumukso sa Kaniyang Espiritu, at sumayaw nang pataas—at—pababa.

Alalahanin, ang ulan ay bumubuhos sa matuwid at di matuwid, pareho lamang. Nguni’t kapag ang binhing yaon nakahimlay roon, ito’y maaaring itinalaga o ito’y hindi itinalaga. At kung ito’y itinalaga, magagawa nitong . . . Kung ito’y isang trigo, kailangang magbunga ito ng trigo. Kung ito’y isang Salita ng Dios, kailangang magbunga ito ng Salita ng Dios. Kung ito’y hindi, buweno, kung gayon hindi ito. Kita n'yo? Nakuha ba ninyo iyan ngayon?

<sup>190</sup> Pagpalain kayo ng Panginoon. Aking sinabi sa inyo rito na magtatapos ako ng alas—nuebe, at heto ito, beinte minuto bago alas—diyes. Marami sa inyong mga tao, ang mahaba pa ang lalakbayin. Mahal ko kayo. At ang dahilan kaya ko kayo pinananatili nang ganito, ay hindi dahil nais kong maging malupit sa inyo, kundi mahal ko kayo. At kung ano ang aking nalalaman, wala akong iniwanan; sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan.

<sup>191</sup> Doon sa mga pagtitipon na aking pinupuntahan, hindi ninyo ako maririnig na ipinangangaral ang mga Mensaheng ito. Hindi,

ipinangako ko sa inyo, na pupunta sa tabernakulong ito. Dito ay kung saan ko ipinangangaral ang aking mga Mensahe. Mayroon pa akong tatlo o apat dito, na ibinigay sa akin ng Panginoon, mayroon akong mga Kasulatan patungkol dito, na hindi ko pangangahasang ipangaral ito saan man kundi dito mismo. Dito kung saan nag—umpisang lumaganap ang Salita ng Dios. At, hanggang sa baguhin ito ng Dios, ako'y mananatili rito at ipangangaral ito mismo rito. Iya'y tama.

Sa dako roon sa mga pagtitipon, ako'y nananalangin para sa maysakit, at lahat na tulad niyan; at, dagdag pa niyan, sinasabi ang mga bagay—bagay nang paulit—ulit, upang marinig Ito ng mga tupa. Nalalaman nila kung ano ang ipinangangusap nito. Kung hindi, ito'y pain lang sa kawil, nakita n'yo. Aking ipinakikita ang mga tanda ng—ng pinagsisikapang ipakita na nalalaman ng Dios, sa pagkilala, at nalalaman ang mga puso ng mga tao, at gumagawa ng mga bagay na ito. 'Yan ay kaloob na pang—ebangelismo, para lang gisingin ang mga tao.

Ang unang bagay alam n'yo, isang teyp ang darating sa kanilang bahay. Iyan na 'yan, kung gayon. Kung siya'y isang tupa, dadalo siyang kasama Nito. Kung siya'y isang kambing, sisipain niya palabas ang teyp. Uh—huh. [Sinabi ni Kapatid na Ben Bryant, "At ikaw, rin."—Pat.] Nakita n'yo, iya'y. . . "At ikaw, rin," ay tama, Ben. Iyan, iya'y tamang—tama. Si Ben ay nagkaroon na ng ilang karanasan. O sige. Buweno, iya'y tama.

<sup>192</sup> Hindi ba kayo nagagalak na kayo'y sa Kaniya? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba kayo nagagalak? ["Amen."] Inaawit namin dati ang isang maikling pentecostal na awitin, matagal na, tulad ng:

I'm so glad that the Lord brought me out;  
I'm so glad that the Lord brought me out;  
If it had not been for Jesus, where would I be?  
I'm so glad that the Lord brought me out.

Oh, I been happy since the Lord brought me  
out;  
I been happy since the Lord brought me out;  
If it had not been for Jesus, where would I be?  
I'm so glad since the Lord brought me out.

I been shouting since the Lord brought me out;  
I been shouting since the Lord brought me out;  
If it had not been for Jesus, oh, where would I  
be?

I'm so glad that the Lord brought me out.

Luwalhati! Hindi ba kayo nagagalak? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Hindi ba kayo nagagalak. . ." Awitin natin ito.



Aren't you glad that the Lord brought you out?  
 Aren't you glad that the Lord brought you out?  
 If it had not been for Jesus, oh, where would I  
 be?

I'm so glad that the Lord brought me out.

Well, I been singing since the Lord brought me  
 out;

I been singing since the Lord brought me out;  
 If it had not been for Jesus, oh, where would I  
 be?

I'm so glad that the Lord brought me out.

Hindi ba kayo nagagalak dito? [Sinabi ng kongregasyon,  
 "Amen."—Pat.] Pagkatapos, tayo'y lalakad sa Liwanag. Alam ba  
 n'yo ang awiting iyan?

We'll walk in the Light, It's a beautiful Light,  
 Comes where the dewdrops of mercy are bright;  
 Shine all around us by day and by night,  
 Oh, Jesus, the Light of the world.

Hindi ba n'yo gusto iyan? Awitin natin itong muli.

We'll walk in the Light, It's a beautiful Light,  
 Comes where the dewdrops of mercy are bright;  
 Shine all around us by day and by night,  
 Oh, Jesus, the Light of the world.

Ito'y sikat na ang araw!

All ye saints of Light proclaim,  
 Jesus, the Light of the world;  
 Truth and mercy in His name,  
 Jesus, the Light of . . .

Ngayon itaas natin ang ating mga kamay kapag inaawit  
 natin ito.

Oh, we'll walk in this Light, It's such a  
 beautiful Light,  
 It comes where the dewdrops of mercy are  
 bright;  
 Shine all around us by day and by night,  
 Jesus, the Light of the world.

Makipagkamay sa isa't isa.

Oh, It comes where the dewdrops of mercy are  
 bright.

Hindi ba kayo nagagalak na kayo'y mga anak ng Liwanag?  
 Ang Anak ay sumikat na.

. . . all around us by day and by night,

"Kayong mumunting mga anak, mag—ibigan sa isa't—isa."

Oh, we'll just walk in the Light, It's such a  
 beauti- . . . (paghahayag ng Kaniyang Salita)  
 Comes where the dewdrops of mercy are bright,  
 Just shine all around us by day and by night,  
 It's Jesus, the Light of the world.

Pinaniniwalaan ba ninyo ito?

We're marching to Zion,  
 The beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

Oh, we're marching to Zion,  
 Beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

Let those refuse to sing  
 Who never knew our God;  
 But children of the Heavenly King,  
 And but children of the Heavenly King,  
 And may speak their joys abroad,  
 May speak their joys abroad.

For we're marching . . . (Luwalhati!)  
 The beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

Oh, we're marching to Zion,  
 Oh, beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

<sup>193</sup> Kunin ang inyong panyo. Ilabas ang inyong mga panyo, sandali lang. Bigyan natin ang Panginoon ng isang alay—wagayway. Hindi ito isang bigkis, nguni't kanilang kinuha mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo at mga bagay—bagay, kita n'yo.

Oh, we're marching to Zion,  
 Oh, beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

Oh, we're marching to Zion,  
 Oh, beautiful, beautiful Zion;  
 We're marching upward to Zion,  
 That beautiful City of God.

<sup>194</sup> Amen! Oh, hindi ba pinabubuti nito ang inyong pakiramdam? Nakikini—kinita ko lang yaong dating mga banal noon, bago pumasok sa Romanong sirkos roon, nag—uumpisang lumakad paakyat sa burol na iyon, alam n'yo, paakyat sa maliit na rampang iyon, paakyat sa yungib ng mga leon, nagsasabing:

Oh, we're marching to Zion,  
This beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful City of God.

The fields of Zion yields  
A thousand sacred sweets  
Before we reach the Heavenly Throne,  
Before we reach the Heavenly Throne,  
Or walk the golden streets,  
Or walk the golden streets.

We're marching to Zion,  
It's beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful City of God.

<sup>195</sup> Sundan ninyo ako. Panginoong Dios, [Nagsabi ang kongregasyon, “Panginoong Dios.”—Pat.] Aking ipinangangako ang aking sarili muli sa Iyo. [“Aking ipinangangako ang aking sarili muli sa Iyo.”] Linisin ako mula sa lahat ng kasamaan. [“Linisin ako mula sa lahat ng kasamaan.”] Linisin ako mula sa lahat ng pag—aalinlangan sa Iyong Salita. [“Linisin ako mula sa lahat ng pag—aalinlangan sa Iyong Salita.”] Hayaan ako, mula sa Linggo ng Pagkabuhay na ito, [“Hayaan ako, mula sa Linggo na Pagkabuhay na ito,”] na maging isang bagong nilalang [“na maging isang bagong nilalang”] kay Cristo Jesus. [“kay Cristo Jesus.”] Hayaang dalhin ko, sa aking puso, [“Hayaang dalhin ko, sa aking puso,”] ang Iyong Salita. [“ang Iyong Salita.”] Nawa Ito ay maging Ilawan sa aking mga paa [“Nawa Ito ay maging Ilawan sa aking mga paa”] na Tatanglaw sa aking landas. [“na Tatanglaw sa aking landas.”] Mula ngayon, [“Mula ngayon,”] aking susundin Ka. [“aking susundin Ka.”] Sa Pangalan ni Jesus. [“Sa Pangalan ni Jesus.”] Amen. [“Amen.”]

We're marching to Zion,  
Oh, beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful city of God.

<sup>196</sup> Hindi ba pinabubuti niyan ang inyong pakiramdam? [Nagsabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ating ipinangako ang ating mga sarili nang muli, nalalaman sa ating mga pusong tayo ay ginising na mula sa mga patay, binuhay. Hindi ba pinabubuti nito ang inyong pakiramdam? [“Amen.”] Naku, oh, naku! Minamahal ko kayo, nang walang kamatayang pag—ibig.

Makinig. “Mag—ibigan sa isa’t—isa. Dahil hindi mo maaayawan ang iyong kapatid, na iyong nakikita, at sasabihing minamahal mo ang Dios, Na hindi mo pa nakikita.” Kita n’yo? Kaya mag—ibigan lamang sa isa’t—isa.

Pagkatapos, pinaglingkuran ninyo ang isa’t—isa, pinaglingkuran n’yo ang Dios. Iyan ba’y tama? “Gaya nang

ginawa n'yo sa pinakamaliit nito na may Kapangyarihang bumubuhay sa kanila, ginawa n'yo ito sa Akin.”

“Kailan Ka namin nakitang nangangailangan? Kailan Ka namin dinalaw sa kulungan? Kailan namin ginawa ang mga bagay na ito?”

“Kung ano ang ginawa ninyo sa kanila, ginawa ninyo ito sa Akin.”

<sup>197</sup> Hindi ba kahanga—hanga iyan? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Minamahal ko Siya, kayo rin ba? [“Amen.”]

<sup>198</sup> Oh, may isa pang awiting kailangan nating awitin, kung mayroon pa kayong nalalabing oras. Oh, buweno, kukunin na lang natin sila. Sige. Sige, ginoo. Oh! *Take The Name Of Jesus With You*. Huwag kalilimutan iyan, mga kaibigan. Ating awitin ito ngayon. Bawa't isa, sama—sama ngayon, may isa lamang na malaking puso, dalhin ito sa Kaniya. Ating, nang lahat ng meron sa atin.

Take the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take it everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>199</sup> Tandaan ngayon, ipanalangin ninyo ako kapag umiihip ang mainit na hangin ng pag—uusig, kapag ang mga demonyo sa bawa't tabi ay naghahamon, aalalahanin kong kayo'y dumadalangin para sa akin gabi o araw, at mananalangin naman ako para sa inyo.

Itaguyod ang inyong mabuting pastor, si Kapatid na Neville, at ang katulungan, si Kapatid na Capps. Makinig sa kanila. Kanilang ituturo sa inyo ang Salita ng Buhay. Pinaniniwalaan ko iyan. Kung hindi ko pinaniniwalaan ito, tiyak na hindi ko sila hahayaang naririto. Siguradong hindi ako papayag. Ako'y naniniwalang pinaniniwalaan nila ang Mensahe, at sila'y nananatili rito sa pinakasukdulan ng kanilang kaalaman, at ako'y may tiwala sa kapuwa mga lalaking ito. Manatiling kasama nila. Ang iba pang mga kapatid na kalalakihan na ito, sa paligid kung saan mayroon silang kanilang pagtitipon, na tumayo rito sa gabing ito, kung kayo'y nasa paligid ng kanilang lugar, manatili sa kanila. Narinig ninyo kung ano ang ipinupunta nila rito, sa gabing ito.

Take the Name of Jesus with you,  
As a shield from every snare; (pakinggan ito)  
When temptations round you gather,  
Just breathe that holy Name in prayer.

Precious Name, precious Name, O how sweet!  
 O how sweet!  
 Hope of . . .

Minamahal na Dios, pagalingin ang mga taong ito. Aking idinadalangin sa Iyo, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Ipagkaloob ito, Panginoon, dumadalangin ako.

. . . O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven.  
 Till we meet! till we meet!  
 Till we meet at Jesus' feet;  
 Till we meet! till we meet!  
 God be with you till we meet again.


Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon.

[Si Kapatid na Branham ay nag—umpisang humiging ng *God Be With You—Pat.*] O Dios, samahan kami. Tulungan kami, Panginoon.

. . . we meet at Jesus' feet! (hanggang sa ating pagkikita!)  
 Till we meet! till we meet!  
 God be with you till we meet again.

<sup>200</sup> Iya'y ang tunay na aking panalangin. Hanggang sa muli nating pagkikita, pagpalain kayo ng Dios! At ngayon pakikiusapan ko ang ating mahal na Kapatid na Neville kung pauwiin na niya ang mabuting kongregasyong ito.

Minamahal kayo ng Dios, bawa't isa. Ako'y lubos na nagpapasalamat na magkaroon ng mga taong tulad ninyong lahat. Ano ang kahihinatnan ng aking Mensahe kung walang sinumang naniwala Rito? At may mga tao rito, ika'y magbubuwis ng buhay para Rito, para sa Mensaheng ito na meron tayo. Tulungan nawa kayo ng Dios, bawa't isa. Ang aking mga panalangin ay kasama n'yo. Ang aking basbas ay humayong kasama ng bawa't isa sa inyo. Huwag sana ninyong kalilimutang kayo'y bahagi sa pagkabuhay na mag—uling yaon. Ang nagbibigay—buhay na Kapangyarihan ay nasasa inyo na ngayon. Ito'y naayos nang lahat. Kayo'y anak ng Dios.

Iyukod natin ang ating mga ulo, hanggang sa si Kapatid na Neville ay pauwiin tayo. At pagpalain kayo ng Dios. 

*BINABAGO NGA BA NG DIOS ANG KANIYANG  
KAISIPAN TUNGKOL SA KANIYANG SALITA? TAG65-0418E*

(Does God Ever Change His Mind About His Word?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Abril 18, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)